# Bahagi B — PABATID TUNGKOL SA MGA PANSANGGALANG SA MGA PAMAMARAAN FLORIDA

Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), ang Pederal na batas na may kinalaman sa edukasyon ng mga estudyante na may kapansanan, ay hinihiling mula sa mga paaralan na magbigay sa iyo, sa mga magulang ng batang may kaansanan, ng isang abiso na naglalaman ng kumpletong pagpapaliwanag sa mga pansanggalang sa pamamaraan na available sa ilalim ng IDEA at sa mga regulasyon ng Department of Education ng Estados Unidos. Ang kopya ng abisong ito ay dapat ibigay sa inyo ng isang beses lang sa isang taon ng pasukan sa paaralan, maliban na lang kung kailangan kang bigyan ng kopya: (1) sa unang rekumendasyon o kung hilingin ninyo para matasa; (2) sa pagtanggap ng inyong unang reklamo sa Estado sa ilalim ng Title 34, mga seksyon 300.151 hanggang 300.153, Code of Federal Regulations (34 CFR §§300.151 hanggang 300.153) at sa sandaling matanggap ang inyong unang due process na reklamo na napapailalim sa §300.507 sa taon ng pasukan; (3) kapag nakapagbigay na ng desisyon sa pagbibigay ng pandisiplinang kilos sa inyong anak na bumubuo sa pagbabago sa pagkakatalaga; at (4) kung hilingin ninyo. [§300.504(a)]

Ang abiso sa pansanggalang sa mga pamamaraan na ito ay dapat may kasamang kumpletong pagpapaliwanag sa lahat ng mga available na pansanggalang sa pamamaraan na napapailalim sa §300.148 (unilateral na pagtatalaga sa isang bata sa isang pribadong paaralan na gastusin ng publiko), §§300.151 hanggang 300.153 (mga pamamaraan sa reklamo ng Estado), §300.300 (pahintulot ng magulang), §§300.502 at 300.503 (independiyenteng evaluation sa edukasyon at naunang nakasulat na abiso), §§300.505 hanggang 300.518 (iba pang mga pansanggalang sa pamamaraan, hal. pamamagitan, mga reklamo para sa due process, resolution process, at impartial due process hearing), §§300.530 hanggang 300.536 (mga pansanggalang sa pamamaraan sa Subpart E ng Part B na mga regulasyon), at §§300.610 hanggang 300.625 (mga kondisyon ng pagkakompidensyal ng impormasyon sa Subpart F). Ang impormasyon na tiyak sa Florida ay idinagdag sa kabuuan ng model form na ito at nagkakaloob ng isang format na maaaring pagpilian ng mga school district para magamit nito sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pansanggalang sa mga pamamaraan sa mga magulang.

United States Department of Education, Office of Special Education Programs
Revision: Hunyo 2009; Binago ng Florida Department of Education: Agosto 2021

# Talaan ng Mga Nilalaman

**Pangkalahatang Impormasyon ... 1**
Paunang Nakasulat na Abiso ... 1
Katutubong Wika ... 2
Electronic Mail ... 2
Pahintulot ng Magulang - Kahulugan ... 3
Pahintulot ng Magulang ... 3
Independiyenteg Evaluation para sa Edukasyon ... 7

**Impormasyon sa Pagkakompidensyal ... 11**
Mga Kahulugan ... 11
Nagpapakilala sa Tao ... 11
Abiso sa Mga Magulang ... 11
Mga Karapatan sa Pag-access ... 12
Rekord sa Pag-access ... 13
Mga Rekord sa Higit sa Isang Anak ... 13
Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon ... 13
Mga Kaukulang Bayad ... 13
Pagsusog sa Mga Rekord ayon sa Kahilingan ng Magulang ... 14
Oportunidad para sa Isang Pagdinig ... 14
Mga Pamamaraan sa Pagdinig (Hearing) ... 14
Resulta ng Pagdinig ... 14
Pahintulot para sa Pagbubunyad ng Nagpapakilala sa Tao na Impormasyon ... 15
Mga Pansanggalang ... 16
Pagsisira ng Impormasyon ... 16

**Mga Pamamaraan sa Pagsasampa ng Reklamo sa Estado ... 17**
Mga Pagkakaiba sa Pagitan ng Mga Pamamaraan para sa Mga Reklamo para sa Due Process at Mga Pagdinig at para sa Mga Reklamo sa Estado ... 17
Pagpapatupad ng Mga Pamamaraan para sa Reklamo sa Estado ... 18
Minimum na Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Estado ... 18
Pagsasampa ng Reklamo sa Estado ... 20

**Mga Pamamaraan para sa Reklamo sa Due Process ... 21**
Pagsasampa ng isang Reklamo para sa Due Process ... 21
Reklamo sa Due Process ... 21
Mga Model Form ... 24
Tagapamagitan ... 24
Proseso ng Resolusyon ... 26

**Mga Pagdinig sa Reklamo para sa Due Process ........ 29**
Walang Kinikilingan na Due Process na Pagdinig ........ 29
Mga Karapatan sa Pandinig ........ 30
Mga Desisyon sa Pagdinig ........ 32

**Mga Apela ........ 34**
Kawakasan ng Desisyon; Apela; Walang Kinikilingan na Pagrerepaso ........ 34
Mga Takdang Panahon at Kadalian ng Mga Pagdinig at Mga Pagrerepaso ........ 34
*Legal na Pagkilos, Kasama na ang mga Takdang Panahon Para Maisampa ang Mga Kilos na Iyon* ........ 35
Ang Pagkakataaga sa Bata Habang Isinasagawa ang Reklamo para sa Due Process at Pagdinig ay Nakabinbin ........ 36
Mga Singil ng Abogado ........ 37

**Mga Pamamaraan Kapag Nagdidisiplina ang Mga Bata na May Kapansanan ........ 39**
Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan ........ 39
Pagbabago sa Pagkakatalaga Dahil sa Pag-aalis bilang Pagdidisiplina ........ 44
Pagpapasya sa Setting ........ 44
Apela ........ 44
Pagtatalaga Habang May Mga Apela ........ 46
Mga Proteksyon para sa Mga Bata na Hindi pa Karapat-dapat para sa Natatanging Edukasyon at Mga Nauugnay na Serbisyo ........ 46
Rekumendasyon at Kilos ng Alagad ng Batas at Mga Awtoridad ng Hukuman ........ 47

**Mga Kahilingan para sa Unilateral Placement ng Mga Magulang ng Mga Bata sa Mga Pribadong Paaralan na Gagastusan ng Publiko ........ 49**
Pangkalahatan ........ 49

# PANGKALAHATANG IMPORMASYON

## PAUNANG NAKASULAT NA ABISO

### 34 CFR §300.503

**Abiso**

Dapat kayong bigyan ng inyong school district ng nakasulat na abiso (bigyan kayo ng ilang impormasyon sa pamamagitan ng kasulatan), sa loob ng isang makatuwirang tagal na panahon bago ito:

1. Nagmumungkahing simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ng mga kundisyon ng "free appropriate public education " FAPE sa inyong anak; o
2. Tumatangging simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ng mga kundisyon ng FAPE sa inyong anak.

**Nilalamann ng pabatid**

Ang nakasulat na abiso ay dapat na:

1. Magpaliwanag sa  kilos na iminumungkahi o tintatanggihan ng distrito ng inyong paaralan;
2. Magpaliwanag kung bakit ang inyong school district ay nagmumungkahi o tumatangging kumilos;
3. Maglarawan sa bawat pamamaraan ng pagtatasa, pagsusuri, pagtatala, o i-ulat ang inyong school district na ginamit sa pagpapasya sa pagmumungkahi o pagtatanggi sa kilos;
4. Magsama ng pahayag na mayroon kayong proteksyon sa ilalim ng mga pansanggalang sa pamamaraan sa mga kundisyon sa Bahagi B ng IDEA;
5. Sabihin kung paano ka makakakuha ng paglalarawan sa mga pansanggalang sa pamamaraan kung ang gawing kilos ng inyong school district ay magmungkahi o tumanggi ay di isang paunang rekumendasyon para sa evaluation;
6. Isama ang mga dulugan kung saan kayo makakakuha ng tulong sa pag-uunawa ng Bahagi B ng IDEA;
7. Ilarawan ang anumang iba pang mga opsyon na nakonsidedra ng individualized education program (IEP) Team ng inyong anak at ang mga dahilan ung bakit ang mga nasabing opsyon ay tinanggihan; **at**
8. Magbigay ng paglalarawan ng iba pang mga dahilan kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng inyong school district ang kilos.

**Abiso sa hindi nauunawaan na wika**

Ang abiso ay kailangan na:

1. Nakasulat sa wika na nauunawaan ng pangkalahatang publiko; at
2. Ibinigay sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon na inyong ginagamit, maliban kung malinaw na hindi ito magagawa.

Kung ang inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon ay hindi nakasulat sa wika, kailangang tiyakin ng school district na :

1. Ang abiso ay isinalin wika sa inyo sa paraan na binibigkas sa pamamagitan ng iba pang paraan sa inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon;
2. Nauunawaan ninyo ang nilalaman ng abiso; at
3. May nakasulat na katibayan na ang mga kahilingan sa mga talata 1 at 2 ay natugunan.

## KATUTUBONG WIKA

### 34 CFR §300.29

Ang katutubong wika, kapag ginamit pantukoy sa isang indibiduwal na may limitadong kaalaman sa Ingles, ay nangangahulugan na:

1. Ang wika na karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng bata, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata;
2. Ang lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang bata (kasama na ang pagtatasa sa bata), ang wika na karaniwang ginagamit ng bata sa tahanan o lugar kung saan nag-aaral.

Para sa taong may kapansanan ng hindi pagkakarinig o pagkabulog, o ang taong walang nasusulat na wika, ang paraan ng komunikasyon ay karaniwang iyong ginagamit ng tao (tulad ng sign language, braille, o pagsasalita).

## ELECTRONIC MAIL

### 34 CFR §300.505

Kung ang inyong school district ay naghahandog sa mga mag-aaral ng mapagpipilian para makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng email, maaari rin ninyong piliin na tanggapin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng email:

1. Paunang nakasulat na abiso;
2. Abiso sa pansanggalang sa pamamaraan; **at**
3. Mga abiso na may kaugnayan reklamo para sa due process.

# PAHINTULOT NG MAGULANG - KAHULUGAN

## 34 CFR §300.9

### Pahintulot

Ang pahintulot ay nangangahulugan na:

1. Kayo ay ganap na pinagbigyang kaalaman sa inyong katutubong wika o sa iba pang paraan ng komunikasyon (tulad ng sign language, braille, o oral na komunikasyon) ng lahat ng impormasyon tungkol sa kilos kung saan nagbibigay kayo ng pahintulot.
2. Naunawaan ninyo at sumasang-ayon kayo sa kasulatan sa kilos na iyon, at ang pahintulot ay naglalarawan sa kilos na iyon at naglilista sa mga rekord (kung mayroon man) na ipapalabas at kung kanino ipapalabas ang mga ito; **at**
3. Nauunawaan ninyo na ang pahintulot ay boluntasyo sa inyong parte at maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot kahit kailan.

Kung nais ninyong bawiin (kanselahin) ang inyong pahintulot makalipas na nakapagsimula na ang inyong anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo, kailangan ninyo itong gawin sa pamamagitan ng isang kasulatan. Ang inyong pagbabawi sa pahintulot ay hindi nagkakaila (binabawi) ang kilos na naganap makalipas ninyong magbigay pahintulot pero bago ninyo ito bawiin. Dagdag pa dito, di kailangang baguhin ng school district ang mga rekord sa edukasyon ng inyong anak para maalis ang anumang pagbabanggit na ang inyong anak ay nakatanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo makalipas ang inyong pagbabawi ng pahintulot.

# PAHINTULOT NG MAGULANG

## 34 CFR §300.300

### Pahintulot sa paunang evaluation

Ang inyong school district ay hindi makakapagsagawa ng paunang pagtatasa sa inyong anak para mapagpasyahan kung ang inyong anak ay karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hindi muna nagbibigay sa inyo ng paunang nakasulat na abiso ng namungkahing kilos at nang kinukuha ang inyong pahintulot tulad nang nilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Paunang Nakasulat na Abiso** at **Pahintulot ng Magulang.**

Ang inyong school district ay dapat magsagawa ng makatuwirang mga pagsisikap para matamo ang inyong may kabatirang pahintulot para sa paunang evaluation para mapagpasyahan kung ang inyong anak ay isang batang may kapansanan.

Ang inyong pahintulot para sa paunang evaluation ay hindi nangangahulugan na binigay rin ninyo ang inyong pahintulot sa school district na magsimulang magkaloob ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak.

Di maaaring gamitin ng inyong school district ang pagtanggi ninyo sa pahintulot sa isang serbisyo o aktibidad na may kaugnayan sa paunang evaluation bilang batayan sa pagtatanggi sa inyo o sa inyong anak ng anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad, maliban na lang kung may ibang requirement sa Part B na hinihiling mula sa school district na gawin ito.

Kung ang inyong anak ay naka-enroll sa isang pampublikong paaralan, o hangad ninyong ipa-enroll ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kayong magbigay ng pahintulot o nabigong sumagot sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot sa unang pagtatasa, ang distrito ng inyong paaralan ay maaari, pero hindi naman kinakailangan, na magsasagawa ng unang pagtatasa sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng pamamagitan ng IDEA o ng reklamo para sa due process, pagpupulong para sa resolusyon, at walang kinikilingan na mga pamamaraan para sa due process hearing. Ang inyong school districtay hindi lalabag sa mga obligasyon nito na hanapin, kilalanin at tasahin ang inyong anak kung hindi nito gawin ang isang pagtatasa sa inyong anak sa mga pangyayaring ito.

**Mga espesyal na tuntunin sa unang pagtatasa sa mga "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado**

Kung ang isang bata ay isang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado at hindi nakatira kasama ang kaniyang magulang —

Ang school district ay hindi kailangan ang pahintulot ng magulang para sa unang pagtatasa para matiyak kung ang anak ay isang batang may kapansanan.

1. Kahit na may makatuwirang mga pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng school district ang magulang ng bata;
2. Ang mga karapatan ng mga magulang ay natapos na alinsunod sa batas ng Estado; o
3. Nagtakda ang hukom ng karapatan para magdesisyon sa edukasyon sa isang indibiduwal maliban sa magulang at ang nasabing indibiduwal ay nagbigay ng pahintulot para sa paunang evaluation.

Ang *Ward of State* ("inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado), tulad nang ginagamit sa IDEA, ay nangangahululgang isang bata na, tulad nang pagkakatukoy sa ilalim ng Estado kung saan nakatira ang bata ay:

1. Isang foster child (inaarugaan na bata)
2. Itinuturing na isang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado sa ilalim ng batas ng Estado; **o**
3. Nasa kustodya ng isang pampublikong ahesya para sa child welfare.

May isang eksepsyon na dapat ninyong malaman. Hindi sinasama ng *Ward of the State* ang foster child na may foster parent na nakakatugon sa depinisyon ng *magulang* tulad nang nakasaad sa IDEA.

### Pahintulot ng magulang para sa mga serbisyo

Ang inyong school districtay kailangang makuha ang inyong pahinulot bago maipagkaloob ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Ang school district ay kailangang magsagawa ng makatuwirang pagsisikap upang makuha ang inyong pahinulot bago maipagkaloob ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi kayo tumugon sa kahilingan na magbigay pahintulot para sa iyong anak na tumanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung kayo ay tumangging ibigay ang nasabing pahintulot o lumaon ay bawiin (kanselahin) ang inyong pahintulot sa pamamagitan ng isang kasulatan, maaaring di gamitin ng inyong school district ang mga pansanggalang sa mga pamamaraan (hal. pamamagitan, reklamo para sa due process, pagpupulong para sa resolusyon, o isang walang kinikilingan na due process hearing) para makatamo ng kasunduan o pagpapasya na ang espesyal na edukasyon at ang mga nauugnay na serbisyo (tulad ng inirerekumenda n IEP Team ng inyong anak) ay maibigay sa inyong anak kahit wala ang pahintulot ninyo.

Kung tumanggi kayong pahintulutan ang inyong anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi kayo tumugon sa kahilingan na ibigay ang nasabing pahintulot o lumaon ay bawiin (kanselahin) ang inyong pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan at ang school district ay hindi nagbigay sa inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo kung bakit nito hangad ang inyong pahintulot, ang school district ninyo ay:

1. Hindi lumalabag sa kahilingan na gawing handang magamit ang FAPE sa inyong anak para kabiguan nito ibigay ang mga nasabing serbisyong iyon sa inyong anak; **at**
2. Hindi kinakailangan na magkaroon ng pagpupulong ng IEP o gumawa ng IEP para sa inyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo kung saan hiniling ang inyong pahintulot.

Kung bawiin (kanselahin) ang inyong pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan kahit kailan makalipas ang unang naipagkaloob nang special education para sa inyong anak at ang mga nauugnay na serbisyo, sa gayon, di maaaring magpatuloy ang school district na ipagkaloob ang nasabing mga serbisyo, pero kailangang magbigay sa inyo ng paunang nakasulat na abiso, tulad nang nakalarawan sa ilalim ng pamagata na Paunang Nakasulat na Abiso, bago di ipagpatuloy ang mga nasabing serbisyo.

### Pahintulot ng magulang sa mga muling pagtatasa

Ang inyong school districtay kailangang makuha ang inyong pahintulot bago nito muling tasahin ang inyong anak, maliban na lang kung maipapakita ng inyong school districtna:

1. Nagsagawa ito ng makatuwirang mga kilos  para makuha ang inyong pahintulo sa muling pagtatasa sa inyong anak, **at**
2. Hindi kayo sumagot.

Kung tumanggi kayo sa pahintulot para sa muling evaluation ng inyong anak, maaaring ipagpatuloy ng school district, pero hindi naman hinihiling na gawin, ang muling evaluation ng inyong anak gamit ang pamamagitan, reklamo para sa due process, pagpupulong para sa resolusyon, at mga pamamaraan para sa walang kinikilingan na due process hearing na hangad na mangibabaw sa inyong pagtanggi na pahintulutan ang muling evaluation ng inyong anak. Tulad nang unang mga pagtatasa, ang inyong school districtay hindi lumalabag sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung tumanggit itong ituloy ang muling pagtatasa sa pamamaraang ito.

### Mga dokumento ng makatuwirang pagsisikap na makuha ang pahintulot ng magulang

Kailangang magtabi ang inyong paaralan ng mga dokumento ng makatuwirang mga pagsisikap para matamo ang inyong pahintulot para sa paunang mga evaluation, para makapagkaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa muling evaluation, at mahanap ang mga magulang ng mga batang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado para sa unang pagtatasa. Ang mga dokumento ay dapat na kasama ang rekord ng mga pagsubok ng distrito ng paaralan sa mga nasabing area na ito, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga nasabing tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulatan na ipinadala sa inyo at anumang mga sagot na natanggap; **at**
3. Ang mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa inyong tahanan ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng nasabing pagbisita na iyon.

### Iba pang mga kahilingan sa pahintulot

Ang inyong pahintulot ay hindi kailangan bago gawin ng inyong school district ang:

1. Pagrerepaso sa kasalukuyang data bilang bahagi ng pagtatasa o muling pagtatasa sa inyong anak; o
2. Bigyan ng ang inyong anak ng pagsusulit o iba pang pagtatasa na ibinibigay sa lahat ng mga bata maliban lang kung bago ang nasabing pagsusulit o pagtatasa, kailangan ang pahintulot mula sa mga magulang ng lahat ng mga bata.

**MGA TIYAK SA FLORIDA na Kahilingan para sa Pahintulot**

Sa Florida, ang magulang ay dapat magbigay ng nilagdaan na pahintulot para sa mga sumusunod:

- Ang isang estudyante na tumatanggap ng mga akomodasyon para sa pag-aaral na hindi pinapahintulutan sa isang assessment sa buong estado. Dapat kilalanin ng magulang sa pamamagitan ng kasuatan na siya ay nakakaunawa sa mga epekto ng nasabing mga akomodasyon.
- Ang estudyante ay tuturuan ayon sa alternate achievement standards ng Florida at tatasahin gamit ang assessment ng Florida para doon sa mga alternate achievement standards.
- Italaga ang mag-aaral sa isang di pangkaraniwang student education center.

Ang school district ay dapat na bumuo at magpatupad ng mga pamamaraan para matiyak na ang inyong pagtanggi sa pahintulot sa alinman sa mga serbisyo at aktibidad na ito ay hindi magreresulta sa kabiguan na magbigay sa inyong anak ng FAPE. At, maaaring di gamitin ng inyong school district ang pagtanggi ninyo sa pahintulot para sa isa sa mga serbisyo o aktibidad na ito bilang batayan sa pagtatanggi sa anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad, maliban kung may iba pang kahilingan sa Bahagi B na hinihiling ito.

Kung na-enroll ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili ninyong gastos, o kung kayo ay nasa home schooling ang inyong anak, hindi ninyo kailangan ibigay ang inyong pahintulot sa unang pagtatasa ng inyong anak o para sa muling pagtatasa ng inyong anak, o kung nabigo kayong sumagot sa kahilingan na ibigay ang inyong pahintulot, hindi maaaring gamitin ng school district ang resolusyon sa di pagkakasunduan nito (hal. pamamagitan, reklamo para sa due process, pagpupulong sa resolusyon o isang walang kinikilingan na due process hearing) at hindi kailangang ikonsidera ang inyong anak bilang karapat-dapat na makatanggap ng mga nararapat na serbisyo (mga serbisyong available sa ilang naitalaga ng magulang na pribadong paaralan para sa mga batang may kapansanan)

## INDEPENDIYENTEG EVALUATION PARA SA EDUKASYON

### 34 CFR §300.502

**Pangkalahatan**

Tulad nang inilarawan sa ibaba, kayo ay may karapatan na kumuha ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon (independent educational evaluation, IEE) sa inyong anak kung kayo ay hindi sumang-ayon sa pagtatasa ng inyong anak na natamo ng distrito ng inyong paaralan.

Kung humiling kayo ng IEE, kailangang magkaloob ang school district sa inyo ng impormasyon kung saan kayo makakakuha ng IEE at tungkol sa kriterya ng school district na magagamit sa mga IEE.

**Mga Kahulugan**

Ang *Independent educational evaluation* ay nangangahulugang isang pagtatasa na isinagawa ng isang kuwalipikadong tagabigay ng eksaminasyon na hindi nagtatrabaho sa school district na may responsibilidad sa edukasyon ng inyong anak.

Nangangahulugan ang *gastusin ng publiko* na ang school district ang magbabayad para sa buong haaga ng pagtatasa o titiyakin na ang pagtatasa ay maipagkakaloob sa inyo nang walang dagdag na gastos sa inyo,

alinsunod sa mga kondisyon ng Bahagi B ng IDEA, na pinapahintulutan ang bawat Estados na gamitin ang alinmang Estado, lokal, Pederal, at pribadong mga pinagkukuhanan ng suporta ay available sa Estados para matugunan ang mga kahilingan ng Part B ng IDEA.

### Karapatan para sa pagtatasa na gastusin ng publiko

Kayo ay may karapatan sa isang IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko kung kayo ay di sumasang-ayon sa isang pagtatasa sa inyong anak na natamo ng distrito ng inyong paaralan, na sumasailalim sa mga sumusunod na kundisyon:

1. Kung kayo ay humiling ng IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko, ang inyong school districtay dapat na, nang walang pag-aantala, na: (a) Magsampa ng reklamo para sa due process para humiling ng isang pagdinig na nagpapakita na ang evaluation nito sa anak ninyo ay naaangkop, o (b) Magbigay ng isang IEE na gagastusin ng pubiko maliban na lang kung ipakita ng school district sa isang pagdinig na ang evaluation ng inyong anak na nakuha ninyo ay di nakakatugon sa kriterya ng school district.
2. Kung hilingin ng inyong school districtang isang pagdinig at ang huling desisyon ay angkop ang pagtatasa ng distrito sa inyong anak, mayroon pa rin kayong karapatan sa isang IEE pero hindi sa gastusin ng publiko.
3. Kung humiling kayo ng isang IEE para sa inyong anak, maaaring hilingin ng school district kung bakit kayo tumututol sa pagtatasa ng inyong anak na ginawa ng distrito ng inyong paaralan. Gayunman, maaaring hindi hilingin ng inyong school districtang isang pagpapaliwanag at maaaring hindi ipaantala ang pagbibigay ng IEE sa inyong anak sa gastusin ng publiko o pagsasampa ng reklamo sa angkop na proseso para humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig para ipagtanggol ang pagtatasa sa inyong anak ng school district.

Kayo ay may karapatan sa isang IEE lang para sa inyong anak na gastusin ng publiko tuwing ang inyong school districtay magsagawa ng isang pagtatasa sa inyong anak na kung saan hindi kayo sumasang-ayon.

### Mga evaluation na pinasimulan ng magulang

Kung makakuha kayo ng IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko o ibahagi ninyo sa inyong school districtang pagtatasa ng inyong anak na nakuha ninyo sa pamamagitan ng pribadong paggastos.

1. Kailangang isaalang-alang ng inyong school districtang mga resulta ng pagtatasa ng inyong anak, kung ito ay nakakaugon sa kriterya ng school district para sa mga IEE, anumang nagawang desisyon na may kaugnayan sa kundisyon ng FAPE sa inyong anak; **at**
2. Maaari ninyo o ng inyong school districtipakita ang pagtatasa bilang katibayan sa angkop na proseso na paglilitis hinggil sa inyong anak.

### Mga kahilingan para sa pagtatasa ng mga opisyal sa pagdinig

Kung hilingin ng opisyal ng pagdinig ang isang IEE ng inyong anak bilang bahagi ng angkop na proseso ng pagdinig, ang halaga ng pagtatasa ay kailangang gastusin ng publiko.

### Kriterya ng school district

Kung ang IEE ay nasa gastusin ng publiko, ang kriterya kung saan ang pagtatasa ay nakuha, kasama na ang lokasyon ng pagtatasa at ang mga kuwalipikasyon ng nagbibigay ng eksaminasyon, ay dapat parehong kriterya na ginagamit ng school district kapag sinisimulan nito ang isang pagtatasa ( sa saklaw na ang mga kriterya na iyon ay kaayon sa inyong karapatan para sa isang IEE).

Maliban sa kriterya na inilarawan sa itaas, ang school district ay hindi maaaring magtalaga ng mga kondisyon o timeliness na may kaugnayan sa pagkuha ng isang IEE na gagastusan ng publiko.

# IMPORMASYON SA PAGKAKOMPIDENSYAL

## MGA KAHULUGAN

### 34 CFR §300.611

Tulad nang ginamit sa ilalim ng pamagat na **Pagkakompidensyal ng Impormasyon:**

- Ang *pagsisira* ay nangangahululgan pisikal na pagsisira o pag-aalis ng mga nagpapakilala sa pagkakilanan mula sa impormasyon para ang impormasyon ay hindi makakapagpakilala sa isang tao.
- Ang mga *rekord sa edukasyon* ay nangangahulugang mga uri ng rekord na sakop sa ilalim ng kahulugan ng "mga rekord ng edukasyon" sa 34 CFR Part 99, ang mga regulasyon na ipinapatupad sa Family Educational Rights and Privacy Act of 1974, 20 U.S.C. 1232g (FERPA).
- Ang *kasaling ahensya* ay nangangahulugang anumang school district, ahensya, o institusyon na nagkokolekta, nagtatabi, o gumagamit ng impormasyon na nagpapakilala sa tao, o kung saan ang impormasyon ay natamo, sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

## NAGPAPAKILALA SA TAO

### 34 CFR §300.32

Ang *nagpapakilala sa tao* ay nangangahulugang impormasyon na kabilang :

(a) Ang pangalan ng inyong anak, ang inyong pangalan bilang magulang, o ang pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya;

(b) Ang address ng inyong anak;

(c) Isang impormasyon na nagpapakilala sa tao, tulad ng social security number ng inyong anak o numero ng mag-aaral; <u>o</u>

(d) Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na gagawing posible na makilala ang inyong anak ng halos katiyakan.

## ABISO SA MGA MAGULANG

### 34 CFR §300.612

Ang Educational Agency ng Estados ay kailangang magbigay ng pabatid na sapat para ganap na ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa pagkakompidensyal ng impormasyon na nagpapakilala sa tao, kasama na ang:

1. Isang paglalarawan ng saklaw kung saan ang pabatid ay ibinigay sa katutubong wika ng iba't ibang mga grupo ng populasyon sa Estado;

2. Isang paglalarawan ng mga bata kung saan itinabi ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao, ang mga uri ng impormasyon na hinahanap, ang mga paraan na nilalayon ng Estado na makalikom ng impormasyon (kasama na ang mga pinagkunan kung saan nalikom ang impormasyon), at ang mga paggagamitan ng impormasyon;
3. Isang buod ng mga patakaran at pamamaraan na kailangang sundan ng mga kasaling ahensya hinggil sa pagtatabi, pagbubuyag sa ikatlong panig, pananatili, at pagsisira ng mga impormasyon na nagpapakilala sa tao; **at**
4. Isang paglalarawan ng lahat ng mga karapatan ng mga magulang at bata hinggil sa impormasyon na ito, kasama na ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at ang mga ipinapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Part 99.

Bago ang anumang malaking aktibidad para kilalanin, matagpuan, o matasa ang mga bata na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo (kilala rin bilang “paghahanap ng bata”), ang abiso ay dapat ilathala o sabihin sa mga dyaryo o iba pang media, o pareho, na may sapat na lawak sa pagkalat para maabisuhan ang mga magulang sa kabuuan ng Estado tungkol sa mga aktibidad na ito.

## MGA KARAPATAN SA PAG-ACCESS

### 34 CFR §300.613

Ang kasaling ahensya ay dapat na pahintulutan kayo na inspeksyunin at repasuhin ang anumang mga rekord ng edukasyon na may kaugnayan sa inyong anak na nakolekta, natabi, o ginamit ng inyong school districtsa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Ang lumalahok na ahensya ay dapat sumunod sa inyong kahilingan para suriin at repasuhin ang anumang rekord ng edukasyon ng inyong anak ng walang di kinakailangang pagkakaantala at bago ang anumang pagpupulong na may kinalaman sa IEP; o anumang walang kinikilingan na due process hearing (kasama ang isang pagpupulong sa resolusyon o isang pagdinig hinggil sa pagdidisiplina), at walang anumang kaso na higit sa 45 araw na batay sa kalendaryo makalipas na gawin ang kahilingan.

Ang inyong karapatan na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord ng edukasyon ay kinabibilangan ng:

1. Ang inyong karapatan na makakuha ng sagot mula sa kasaling ahensya sa inyong makatuwirang kahilingan para sa mga pagpapaliwanag at interpretasyon ng mga rekord;
2. Ang inyong karapatan na hilingin na ang nabanggit na kasaling ahensya ay magbigay ng mga kopya ng rekord kung hindi ninyo mainspeksyon at marepaso nang mainam ang mga rekord maliban na lamang kung natanggap ninyo ang mga nasabing kopya; ***at***
3. Kayo ay may karapatan na inspeksyunin at repasuhin ng inyong kinatawan ang mga rekord.

Maaaring isipin ng kasaling ahensya na kayo ay may awtoridad na inspeksyuni at repasuhin ang mga rekord na may kaugnayan sa inyong anak maliban kung ipayo na

wala kayong awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng Estado na namamahala sa nasabing mga paksa tulad ng pag-iingat o pag-aaruga o paghihiwalay o diborsyo.

## REKORD SA PAG-ACCESS

### 34 CFR §300.614

Ang bawat kasaling ahensya ay dapat magtabi ng rekord ng mga panig na nakakuha ng access sa mga rekord ng edukasyon na nakolekta, natabi, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (maliban sa paggamit ng mga magulang at mga awtorisadong empleyado na kasaling ahensya), kasama ang pangalan ng panig, at petsa nang ibinigay ang access, at ang layunin kung saan binigyan ng awtorisasyon ang panig na gamitin ang mga rekord.

## MGA REKORD SA HIGIT SA ISANG ANAK

### 34 CFR §300.615

Kung may anumang rekord ng edukasyon na may kasamang impormasyon ng higit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang iyon ay may karapatan na inspeksyunin at repasuhin lang ang impormasyon na may kaugnayan sa kanilang anak o mabigyan ng impormasyon sa natanging impormasyon.

## LISTAHAN NG MGA URI AT LOKASYON NG IMPORMASYON

### 34 CFR §300.616

Kung hilingin, ang bawat kasaling ahensya ay dapat magbigay sa inyo ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord ng edukasyon na nakolekta, natabi, o ginamit ng ahensya.

## MGA KAUKULANG BAYAD

### 34 CFR §300.617

Ang bawat kasaling ahensya ay maaaring magpataw ng singilin para sa mga kopya ng rekord na ginawa para sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kung ang singlin ay hindi naghahadlang sa inyo na gamitin ang inyong karapatan na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord na iyon.

Ang kasaling ahensya ay hindi maaaring magpataw ng singilin para maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

## PAGSUSOG SA MGA REKORD AYON SA KAHILINGAN NG MAGULANG

### 34 CFR §300.618

Kung kayo ay naniniwala na ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon hinggil sa inyong anak na nakolekta, tinabi, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay hindi wasto, hindi totoo, o lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng inyong anak, maaari ninyong hilingin sa kasaling ahensya na itabi ang impormasyon para baguhin ang impormasyon.

Ang kasaling ahensya ay dapat na magpasya kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa inyong kahilingan sa loob ng isang makatuwirang panahon nang matanggap ang inyong kahilingan.

Kung ang kasaling ahensya ay tumanggin na baguhin ang impormasyon alinsunod sa inyong kahilingan, kailangan nitong ipagbigay-alam sa inyo ang pagtanggi at payuhan kayo sa inyong karapatan para sa isang pagdinig tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Oportunidad para sa isang Pagdinig/Paglilitis.**

## OPORTUNIDAD PARA SA ISANG PAGDINIG

### 34 CFR §300.619

34 CFR §300.619 Ang kasaling ahensya ay dapat, kung hilingin, magkaloob sa inyo ng oportunidad para sa isang paglilitis na hamunin  ang mga impormasyon sa mga rekord ng edukasyon hinggil sa inyong anak para matiyak na ito ay wasto, hindi totoo, o iba pang paglalabag sa privacy o karapatan ng inyong anak.

## MGA PAMAMARAAN SA PAGDINIG (HEARING)

### 34 CFR §300.621

Isang pagdinig para hamunin ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon ay dapat na isagawa ayon sa mga pamamaraan sa mga nasabing uri ng pagdinig sa ilalim ng FERPA.

## RESULTA NG PAGDINIG

### 34 CFR §300.620

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang kasaling ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi wasto, hindi toto, o may iba pang paglalabag sa privacy o iba pang karapatan ng inyong anak, kailangan nitong baguhin ang impormasyon nang naaayon at ipagbigay-alam sa inyo sa pamamagitan ng isang kasulatan.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang kasaling ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi mali, nakakapagpaligaw, o may ibang paglalabag sa privacy o iba pang karapatan ng inyong anak, kailangan nitong ipagbigay-alam sa inyo ang inyong karapatan para malagay sa mga rekord na ito ay nagtatabi ng isang pahayag patukoy sa inyong anak na nagbibigay puna sa impormasyon o nagbibigay ng anumang mga dahilan na kung saan hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng kasaling ahensya.

Ang nasabing pagpapaliwanag na inilagay sa mga rekord ng inyong anak ay dapat na:

1. Itabi ng kasaling ahensya bilang bahagi ng mga rekord ng inyong anak basta't ang rekord o ang sinasalungatan na bahagi ay tinatabi ng kasaling ahensya; **at**
2. Kung ang kasaling ahensya ay ibinunyag ang mga rekord ng inyong anak o ang hinahamon na impormasyon sa anumang panig, ang paliwanag ay dapat rin ipahayag sa panig na iyon.

## PAHINTULOT PARA SA PAGBUBUNYAD NG NAGPAPAKILALA SA TAO NA IMPORMASYON

### 34 CFR §300.622

Maliban na lang kung ang impormasyon ay nakalagay sa mga rekord ng edukasyon, at ang pagbubunyag ay awtorisado nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA, ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago ipahayag ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao sa mga panig maliban sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya. Maliban sa mga pangyayar na tiniyak sa ibaba, ang inyong pahintulot ay hindi kailangan bago ipalabas ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao sa mga opisyal ng mga kasaling panig sa layunin ng pagtutugon sa kahilingan ng Bahagi B ng IDEA.

Ang inyong pahintulot, o pahintulot ng karapat-dapat na bata na umabot sa wastong edad ayon sa batas ng Estado, ay dapat makuha bago ang impormasyon na nagpapakilala sa tao ay ipinalabas sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa serbisyo ng transisyon.

Kung ang inyong anak ay kasali, o papasok, sa isang pribadong paaralan na hindi matatagpan sa parehong school district kung saan kayo nakatira, ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago maipalabas ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao tungkol sa inyong anak sa pagitan ng mga opisyal ng school district kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at sa mga opisyal ng school district kung saan kayo naninirahan.

## MGA PANSANGGALANG

### 34 CFR §300.623

Ang bawat kasaling ahensya ay dapat na protektahan ang pagkakompidensyal ng mga impormason na nagpapakilala sa tao sa mga yugto ng pagkokolekta, pagtatabi, pagbubunyag, at pagsisira.

Ang isang opisyal sa bawat kasaling ahensy ay dapat na akuin ang responsibilidad sa pagtitiyak na ang pagkakompidensyal ng anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao.

Ang lahat ng mga tao na nagkokolekta o gumagamit ng impormasyon na nagpapakilala sa tao ay dapat na kumuha ng pagsasanay o tagubilin hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng inyong Estado hinggil sa pagiging kompidensyal sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at FERPA.

Ang bawat kasaling ahensya ay dapat magtabi, para sa pagsusuri ng publiko, ng isang pinakabagong listahan ng mga pangalan at posisyon noong mga empleyado sa loob ng ahensya na may paraang makagamit ng mga impormasyon na nagpapakilala sa tao.

## PAGSISIRA NG IMPORMASYON

### 34 CFR §300.624

Kailangang ipagbigay-alam ng distrito ng inyong paaralan kung kailan ang impormasyon na nagpapakilala sa tao na nakolekta, natabi, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay hindi na kinakailangan para makapagbigay ng edukasyon sa inyong anak.

Ang impormasyon ay kailangang sirain ayon sa inyong kahilingan. Gayunpaman, isang permanenteng rekord ng pangalan, address at numero ng telepono ng inyong anak, ang kaniyang mga grade sa paaralan, rekord ng attendance, baitang na nakumpleto at taon na nakumpleto ay maaaring taibi nang walang limitasyon sa panahon.

# MGA PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

## MGA PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG MGA PAMAMARAAN PARA SA MGA REKLAMO PARA SA DUE PROCESS AT MGA PAGDINIG AT PARA SA MGA REKLAMO SA ESTADO

Ang mga regulasyon ng Bahagi B ng IDEA na itinakda ay may hiwalay na mga pamamaraan para sa mga reklamo sa Estado at sa mga angkop na proseso para sa mga reklamo at pagdinig. Tulad nang ipinaliwanag sa ibaba, sinumang indibiduwal o organisasyon ay maaaring magsampa ng reklamo sa Estado na nagpaparatang sa paglalabag sa anumang kahilingan sa Bahagi B ng school district, ng State Educational Agency, o anumang iba pang pampublikong ahensya. Ikaw lamang o ang school district ang maaaring magsampa ng isang reklamo para sa due process sa anumabg bagay na may kaugnayan sa mungkahi o sa pagtanggi na umpisahan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa,  o pagtatalaga sa pag-aaral ng isang bata na may kapansanan, o sa pagkakaloob ng FAPE sa isang bata. Habang ang staff ng State Educational Agency ay karaniwang kailangang lutasin ang isang reklamo sa Estado sa loob ng 60 araw na base sa kalendaryo na takdang panahon, maliban kung ang tinakdang panahon ay wastong ipinatagal, isang walang kinikilingan na hearing officer ay dapat na marinig ang reklamo para sa due process (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng pagpupulong para makakuha ng resolusyon o sa pamamagitan ng pamamagitan) at magpalabas ng isang nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw batay sa kalendaryo makalias ang pagtatapos ng panahon ng pagbibigay ng resolusyon, tulad nang inilarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng pamagat na Proseso ng Resolusyon, maliban lang kung ang opisyal sa pagdinig ay nagkaloob ng tiyak na pagpapatagal sa takdang panahon ayon sa inyong kahilingan o kahilingan ng distrito ng estado. Ang reklamo sa Estado at ang angkop na proseso ng reklamo, resolusyon, at pagdinig na mga pamamaraan ay mas kumpletong inilalarawan sa ibaba. Ang State Educational Agency ay dapat bumuo ng mga model form para makatulong sa inyong makapagsampa ng isang reklamo para sa due process at tulungan kayo o ang iba pang mga panig na magsampa ng reklamo sa Estado tulad nang inilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Mga Model Form.***

# PAGPAPATUPAD NG MGA PAMAMARAAN PARA SA REKLAMO SA ESTADO

## 34 CFR §300.151

### Pangkalahatan

Ang bawat State Educational Agency ay dapat na may nakasulat na mga pamamaraan para sa:

1. Paglulutas ng anumang reklamo, kasama na ang reklamo na isinampa ng isang organisasyon o indibiduwal mula sa ibang Estado;
2. Ang pagsasampa ng reklamo sa State Educational Agency;
3. Malawak na pinapalaganap ang mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang mga interesadong indibiduwa, kasama na ang pagsasanay sa magulang at mga sentro ng impormasyon, proteksyon at ahensya ng tagapagtanggol, mga independiyenteng sentro ng tirahan, at iba pang mga angkop na entity.

### Mga remedyo sa natanggihang angkop na serbisyo

Sa paglulutas ng reklamo kung saan natagpuan ng State Educational Agency na may kabiguan sa pagkakaloob ng mga angkop na serbisyo, kailangang tugunan ng State Educational Agency:

1. Ang kabiguan na magkaloob ng mga angkop na serbisyo, kasama na ang mga pangwastong kilos na angkop para matugunan ang mga pangangailangan ng bata (tulad ng mga kabayarang serbisyo o pagsasauli ng ibinayad); **at**
2. Angkop na panghinaharap na pagkakaloob ng mga serbisiyo para sa lahat ng mga bata na may kapansanan.

# MINIMUM NA MGA PAMAMARAAN NG REKLAMO SA ESTADO

## 34 CFR §300.152

### Limitasyon sa panahon; mga minimum na pamamaraan

Ang bawat State Educational Agency ay kailangang isama sa mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado ang isang limitasyon sa panahon na 60 araw batay sa kalendaryo makalipas na ang reklamo ay naisampa para:

1. Maisagawa ang isang independiyenteng on-site na imbestigasyon, kung napagpasyahan ng State Educational Agency na ang imbestigasyon ay kinakailangan;
2. Bigyan ng pagkakataon ang nagrereklamo para magsumite ng karagdagang impormasyon, na sinabi o nasa kasulatan, tungkol sa mga paratang ng nagrereklamo;

3. Magkaloob sa school district o ng iba pang pampublikong ahensya ng oportunidad na tumugon sa reklamo: (a) sa opsyon ng ahensya, isang mungkahi na lutasin ang reklamo; **at** (b) isang oportunidad para sa magulang na nagsampa ng reklamo at sa ahensya na sumang-ayon nang kusa para sumali sa pamamagitan;
4. Repasuhin ang lahat ng mahahalagang impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasya kung ang school district o ang iba pang pampublikong ahensya ay lumalabag sa kahilingan ng Bahagi B ng IDEA; **at**
5. Magpalabas ng nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat alegasyon na nasa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasan na katotohanan at konklusyon; **at** (b) ga dahilan sa huling desisyon ng Department of Education

**Pagtatagal sa takdang panahon; panghuling desisyon; pagpapatupad**

Ang mga pamamaraan ng State Educational Agency na inilalarawan sa ibaba ay dapat rin:

1. Pahintulutan lamang sa palugit na 60 araw na base sa kalendayo na limitasyon sa panahon, kung: (a) may hindi pangkaraniwang pangyayari na naganap bilang kaugnayan sa isang partikuar na reklamo sa Estado; **o** (b) ikaw at school district o iba pang pampublikong ahensya na kabilang ay boluntaryong sumang-ayon sa palugit na panahon para malutas ang bagay sa pamamagitan ng pamamagitan o alternatibong nangangahulugan ng resolusyon sa di pagkakaunawaan, kung mayroong magagamit sa Estado.
2. Magsama ng mga pamamaraan para sa mabisang pagpapatupa ng huling desisyon ng State Educational Agency, kung kinakailangan, kasama na ang: (a) mga aktibidad para sa teknikal na tulong; (b) mga negosasyon ,**at** (c) mga kilos na pangwasto para matamo ang pagsunod sa kautusan.

**Mga reklamo sa Estado at mga due process na pagdinig**

Kung ang nakasulat na reklamo sa Estado na nataggap ay sumasailalim rin sa angkop na proseso ng pagdinig tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagsasampa ng isang Reklamo para sa Due Process***, o ang reklamo sa Estado ay naglalaman ng maraming mga isyu na kung saan isa o higit pa ay bahagi ng nasabing pagpupulong, kailangang isantabi ang anumang bahagi ng reklamo sa Estado na tinutugunan sa isang angkop na proseso ng pagdinig, hangga't matapos ang pagdinig. Anumang isyu sa reklamo sa Estado na hindi bahagi ng angkop na proseso sa pagdinig ay dapat malutas gamit ang limitasyon sa panahon at mga pamamaraan na inilarawan sa itaas.

Kung may sinabing isyu sa reklamo sa Estado na dati nang napagpasyahan sa isang angkop na proseso ng pagdinig na kinasasangkutan ng parehong mga panig (halimbawa ikaw at ang school district), sa gayon ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay ipapatupad sa nasabing isyu na iyon at ang State of Educational Agency ay dapat na ipagbigay-alam sa nagrereklamo na ipapatupad ang desisyon.

Ang reklamo na nagpaparatang sa school district o iba pang uri ng kabiguan ng pampublikong ahensya na ipatupad ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay dapat lutasin ng State Educational Agency.

## PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

### 34 CFR §300.153

Isang organisasyon o indibiduwal ay maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa Estado sa ilalim ng mga pamamaraan na inilarawan sa ibaba.

Ang reklamo sa Estado ay dapat kinababilangan ng:

1. Isang pahayag na ang distrito ng paaralan o iba pang ahensya ng publiko ay lumabag sa isang kahilingan ng Bahagi B ng IDEA o ang mga ipinapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Part 300;
2. Ang mga katotohanan na nabatay ang pahayag;
3. Ang lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng panig na nagsasampa ng reklamo; at
4. Kung nagpaparatang ng mga paglalabag hinggil sa isang partikular na bata:
   (a) Ang pangalan ng bata at address ng tirahan ng bata;
   (b) Ang pangalan ng paaralan ng bata na pinapasukan nito;
   (c) Sa kaso ng isang walang tirahan na bata o kabataan, ang handang makuhang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata at pangalan ng paaraan na pinapasukan ng bata;
   (d) Isang paglalarwan ng kalikasan ng problema ng bata, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; **at**
   (e) Isang minungkahing resolusyon sa problema sa saklaw na alam at handang magamit ng panig na nagsasampa ng reklamo sa panahon na isinampa ang reklamo.

Ang nagrereklamo ay dapat na magparatang ng paglalabag ng hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa nang matanggap ang reklamo tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagpapatupad ng Mga Pamamaraan sa Reklamo sa Estado.***

Ang panig na nagsasampa ng reklamo sa Estado ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa school district o iba pang ahensya ng publiko na naglilingkod sa bata sa parehong oras na magsampa ang panig ng reklamo sa State Educational Agency.

# MGA PAMAMARAAN PARA SA REKLAMO SA DUE PROCESS

## PAGSASAMPA NG ISANG REKLAMO PARA SA DUE PROCESS

### 34 CFR §300.507

**Pangkalahatan**

Kayo o ang school district ay maaaring magsampa ng isang reklamo para sa due process sa anumang bagay bagay na may kaugnayan sa mungkhi o pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Ang reklamo para sa due process ay dapat magparatang sa isang paglalabag na naganap ng hindi hihigit sa dalawang taon bago kayo o ang school district ay nagkaroon ng kaalaman o dapat ay nalaman ang pinaratang na kilos na bumubuo ng batayan sa reklamo ng angkop na proseso.

Ang takdang panahon sa itaas ay hindi ipapataw sa inyo kung hindi kayo makapagsampa ng isang reklamo para sa due process sa loob ng itinakdang panahon dahil:

1. Tiyak na naglarawan ng pagkakamali ang school district na nalutas nito ang mga isyu na kinilala sa reklamo; **o**
2. Ang school district ay hindi nagbigay ng impormasyon mula sa inyo na hiniling itong magkaloob sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

**Impormasyon para sa mga magulang**

Kailangang ipagbigay-alam ng school district sa inyo ang anumang walang gagastusin o murang halagang legal at iba pang mga kaugnay na serbisyong handang makuha sa lugar kung hilingin ninyo ang impormasyon, **o** kung kayo o ang school district ay magsampa ng reklamo para sa due process.

## REKLAMO SA DUE PROCESS

### 34 CFR §300.508

**Pangkalahatan**

Pangkalahatan Para humiling ng isang paglilitis, kayo o ang school district (o ang inyong abogado o ang abogado ng school district) ay dapat magsumite ng reklamo para sa due process sa kabilang panig. Ang nasabing reklamo ay dapat maglaman ng lahat ng nilalaman na nakalista sa ibaba at dapat na manatiling kompidensyal.

Sinuman ang magsampa ng reklamo ay dapat rin magbigay sa State Educational Agency ng kopya ng reklamo.

**Nilalaman ng reklamo**

Ang reklamo para sa due process ay dapat na kasama ang:

1. Pangalan ng bata;
2. Address ng tirahan ng bata;
3. Ang pangalan ng paaralan ng bata;
4. Kung ang impormasyon sa pakikipag-ugnayhan sa bata at ang pangalan ng paaralan ng bata;
5. Isang paglalarwan ng kalikasan ng problema ng bata na may kaugnayan sa namungkahi o tinanggihang kilos, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; **at**
6. Isang iminungkahing resolusyon ng problema sa saklaw na kilala at available sa nagrereklamong panig (ikaw o ang school district) sa panahong iyon

**Kailangan ang abiso bago ang isang pagdinig sa reklamo para sa due process**

Kayo o ang school district ay hindi maaaring magkaroon ng angkop na proseso ng pagdinig hangga't kayo o ang distrito ng paaraan (o ang inyong abogado o abogado ng distrito ng paaraan) ay nagsampa isang reklamo para sa due process na kinabibilangan ng impormasyong nakalista sa itaas.

**Pagiging sapat ng reklamo**

Para magpatuloy ang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig, kailangan ay maturing sapat ito. Ang reklamo para sa due process ay ikokonsiderang sapat (nakatugon sa mga kahilingan sa nilalaman na nakasaad sa itaas) maliban kung ang panig na tumanggap ng reklamo para sa due process (kayo o ang distrito ng paaralan) ay nagbigay-alam sa opisyal ng pagdinig at sa kabilang panig sa pamamagitan ng kasulatan, sa loob ng 15 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo para sa due process, na ang tumatanggap na panig ay naniniwala na ang reklamo para sa due process ay hindi nakakatugon sa mga kahilingan na nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang abiso ng tumatanggap na panig (kayo o ang school district) ay nakonsidera na hindi sapat ang reklamo para sa due process, ang opisyal sa pagdinig ay dapat magpasya kung ang reklamo para sa due process ay ipagbigay-alam sa inyo at sa school district kaagad sa pamamagitan ng kasulatan.

**Pagsusog sa reklamo**

Kayo o ang school district ay maaari lang magsagawa ng mga pagbabago sa reklamo kung:

1. Inaprubahan ng kabilang panig ang mga pagbabago sa pamamagitan ng kasulatan at binigyan ng pagkakataon na malutas ang reklamo para sa due process sa pamamagitan ng pagpupulong para makakuha ng resolusyon, na inilarawan sa pamagat na ***Proseso ng Resolusyon***; **o**

2. Hindi mas matagal sa limang araw bago magsimula ang angkop na proseso sa pagdinig, ang opisyal sa pagdinig ay magbibigay pahintulot sa mga pagbabago.

Kung ang nagrereklamong panig (kayo o ang distrito ng paaralan) ay magsagawa ng mga pagbabago sa reklamo para sa due process, ang mga takdang panahon para sa pagpupulong para sa resolusyon (sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo) at ang panahon para sa resolusyon (sa loob ng 30 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo) magsimula ulit sa petsa nang isinampa ang nasusog na reklamo.

### Ang Local educational agency o pagtugon ng school district sa isang reklamo para sa due process

Kung ang school district ay hindi nagpadala ng paunang nakasulat na abiso sa inyo, tulad nang inilarawan sa ilalim ng ***Paunang Nakasulat na Pabatid***, hinggil sa paksang nilalaman ng inyong reklamo para sa due process, kailangang sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo para sa due process, ang school district ay dapat magpadala sa inyo ng sagot na may nilalaman na:

1. Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihanng school district na kumilos ayon sa reklamo para sa due process;
2. Isang paglalarawan ng iba pang mga opsyon na nakonsidera ng IEP Team ng bata at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsyon na iyon ay tinanggihan;
3. Isang paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagtatasa, pagsusuri, rekord, o ulat sa school district na ginamit bilang batayan sa namungkahi o tinanggihang kilos; **at**
4. Isang paglalarawan ng iba pang mga elemento na mahalaga sa namungkahi o tinanggihang kilos ng school district.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa mga item 1 - 4 sa itaas ay hindi naghahadlang sa school district sa pamimilit na ang inyong reklamo para sa due process ay hindi sapat.

### Pagtugon ng ibang panig sa reklamo para sa due process

Maliban kung nakasaad sa isang ikalawang pamagat sa itaas, ang lokal na educational agency o ang pagtugon ng school district sa isang reklamo para sa due process, ang panig na tumatanggap ng reklamo para sa due process ay dapat, sa loob ng 10 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo, padalhan ang kabilang panig ng sagot na tiyak na tumutugon sa mga isyu na nasa reklamo.

**TIYAK SA FLORIDA na Mga Kahilingan para sa Due Process**

Dagdag pa at alinsunod sa seksyon 1008.212 ng Florida Statutes, sa kaganapan na ang superintendent ng inyong school districtay humiling ng isang hindi karaniwang hindi pagsali mula sa paglalahok sa pagtatasa ng estado na ibibigay sa inyong anak at ang Commissioner of Education ay tumanggi sa kahilingan na ito, may karapatan kayong humiling ng isang pinabilis na angkop na proseso ng paglilitis. Ang kahilingan na ito ay gagawin sa Florida Department of Education na pagkatapos ay isasampa ang kahilingan para sa due process sa Florida Division of Administrative Hearings.

## MGA MODEL FORM

### 34 CFR §300.509

Ang State Educational Agency ay dapat bumuo ng mga model form para makatulong sa inyong makapagsampa ng isang reklamo para sa due process at tulungan kayo at ang iba pang mga panig na magsampa ng reklamo sa Estado. Gayunman, ang inyong Estado o ang school district ay maaaring hindi hilingin sa inyo na gamitin ang mga model form na ito. Sa katotohanan, maaari ninyong gamitin ang model form na ito o ang iba pang angkop na form, basta’t ito ay naglalaman ng hinihiling na impormasyon sa pagsasampa ng reklamo para sa due process o reklamo sa Estado.

## TAGAPAMAGITAN

### 34 CFR §300.506

#### Pangkalahatan

And school district ay dapat may maihandang magagamit na tagapamagitan na mapapahintulutan kayo at ang school district na lutasin ang mga hindi pagkakasunduan na kinasasangkutan ng anumang bagay sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kasama na ang mga bagay-bagay na naganap bago ang pagsasampa ng reklamo sa angkop na proseso. Samakatuwid, ang tagapamagitan ay handang makuha para lutasin ang mga hindi pagkakasunduan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kayo man ay nagsampa o hindi ng reklamo para sa due process na pagdinig tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagsasampa ng Reklamo para sa Due Process.***

#### Mga Kahilingan

Dapat tiyakin ng mga pamamaraan na ang proseso ng tagapamagitan ay:

1. Boluntaryo sa bahagi ninyo at sa bahagi ng school district;
2. Hindi ginagamit o inaantala ang inyong karapatan para sa angkop na proseso ng pagdinig, o tanggihan ang anumang iba pang mga karapatan tulad ng nakasaad sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **at**

3. Isinasagawa ng isang kuwalipikado at walang kinikilinganna tagapamagitan na sanay sa mga mabibisang pamamaraan ng pamamagitan.

Ang school district ay maaaring gumawa ng mga pamamaraan na naghahandog sa mga magulang at paaralan na piniling huwag gamitin ang proseso ng pamamagitan, ng isang pagkakataon para makipagkita, sa isang oras at lokasyon na kombenyente para sa inyo, sa isang hindi interesadong panig:

1. Ang taong naka-kontrata sa isang angkop na alternatibong entity para sa paglulutas ng hindi pagkakasunduan, o pagsasanay sa magulang o sentro ng impormasyon, o sentro ng dulugan sa komunidad para sa magulang sa loob ng estado; **at**
2. Isang taong magpapaliwanag sa mga benepisyo at hihikayatin ang paggamit ng proseso ng pamamagitan sa inyo.

Ang Estado ay dapat magtabi ng listahan ng mga tao na kuwalipikadong mga tagapamagitan at alam ang mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pagkakaloob ng espesyal na kondisyon at mga nauugnay na serbisyo. Ang Educational Agency ng Estado ay dapat pumili ng mga tagapamagitan sa isang walang kaayusan (random), may rotasyon, o iba pang walang kinikilingan na batayan.

Ang Estado ay responsabile sa halaga ng gastos para sa proseso ng tagapamagitan, kasama na ang mga gastos ng pagpupulong.

Ang bawat pagpupulong sa proseso ng pamamagitan ay dapat na ma-schedule sa isang napapanahong paraan at maganap sa isang lugar na pinakamadali para sa inyo at sa school district.

Kung nalutas ninyo at ng school district ang hindi pagkakasunduan sa pamamagitan ng proseso ng pamamagitan, ang parehong panig ay maaaring magkaroon ng legal na kasunduan na nagtatakda sa resolusyon at:

1. Nakasaad na ang lahat ng mga pag-uusap na naganap habang proseso ng pamamagitan ay mananatiling kompidensyal at hindi maaaring gamitin bilang katibayan sa anumang susunod na angkop na proseso ng pagding o sibil na paglilitis; **at**
2. Nilagdaan ito ninyong pareho kasama ang kinatawan ng school district na may awtoridad na sumang-ayon para sa school district.

Isang nakasulat na may lagdang kasunduan ay ipinapatupad sa anumang korte sa Estado ng may kakayaang hurisdiksyon (isang korte na may awtoridad sa ilalim ng batas ng Estado para duminig sa ganitong uri ng kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos.

Ang mga talakayan na naganap habang proseso ng pamamagitan ay dapat manatiling kompidensyal. Hindi maaaring gamitin ang mga ito bilang katibayan sa anumang panghinaharap na angkop na proseso ng pagdinig o sibil na paglilitis ng anumang korteng Pederal o korte ng Estado ng Estado na tumanganggap ng tulong sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

**Walang kinikilingan na tagapamagitan**

Ang tagapamagitan:

1. Ay hindi isang empleyado ng State Educational Agency o ng school district na kabilang sa pag-aaral o pag-aalaga sa bata; **at**
2. Dapat ay walang personal o professional na interes na salungat sa layunin ng tagapamagitan.

Isang tao na dili kaya'y kuwalipikado bilang isang tagapamagitan ay hindi dapat empleyado ng school district o ahensya ng Estado dahil lamang siya ay binabayaran ng ahensya o school district para maglingkod bilang isang tagapamagitan.

**MGA TIYAK SA FLORIDA na Kahilingan para sa Tagapamagitan**

Ang mga tagapamagitan para makonsidera na kuwapikado, ay dapat na may sertipiko ng Florida Supreme Court na walang mga naulat na parusa.

## PROSESO NG RESOLUSYON

### 34 CFR §300.510

**Pagpupulong sa resolusyon**

Sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang abiso para sa inyong reklamo, at bago magsimula ang angkop na proseso ng pagdinig, ang school district ay dapat magkita-kita sa isang pagpupulong kasama ninyo at ng mga mahalagang miyembro o mga miyembro ng IEP Team na may tiyak na kaaaman sa mga katotohanan na nakilala sa inyong reklamo para sa due process. Ang pagpupulong:

1. Kailangan na kasama ang isang kinatawan ng school district na may awtoridad para magdesisyon sa ngalan ng school district; **at**
2. Maaaring hindi kasama ang isang abogado ng school district maliban kung kayo ay sinamahan ng isang abogado.

Kayo at ang school district ang magpapasya sa mga mahalagang miyembro ng IEP Team na dadalo sa pagpupulong.

Ang layunin ng pagpupulong ay para talakayin ninyo ang inyong reklamo para sa due process, at ang mga katotohanan na bumubuo bilang batayan sa reklamo, para may oportunidad ang distrito ng paaralan na lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

Ang pagpupulong ng resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

1. Kayo at ang school district ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na bawiin ang pagpupulong; **o**
2. Kayo at ang school district ay sumang-ayon na gumamit ng proseso ng pamamagitan, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Tagapamagitan***.

### Panahon ng resolusyon

Kung hindi nalutas ng school district ang reklamo para sa due process ng ayon sa inyong kasiyahan sa loob ng 30 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo para sa due process (sa takdang panahon ng proseso ng resolusyon), ang due process na pagdinig ay maaaging isagawa.

Ang 45 na araw na base sa kalendaryo na itinakda para sa pagpapalabas ng huling desisyon sa due process na pagdinig, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na, ***Mga Desisyon sa Pagdinig***, ay magsisimula sa pagpapaso ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, na may ilang mga hindi kasali para sa mga pagbabago na gagawin sa panahon ng 30 araw na base sa kalendaryo, tulad ng inilarawan sa ibaba.

Maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay parehong sumang-ayon na bawiin ang proseso ng resolusyon o gumamit ng pamamagitan, ang inyong kabiguan na lumahok sa pagpupulong ng resolusyon ay magpapaantala sa mga takdang panahon para sa proseso ng resolusyon at angkop na proseso ng pagdinig hangga't maganap ang pagdinig.

Kung makalipas ang ilang pagsisikap, at isadokumento ang lahat ng mga pagsisikap na ito, ang school district ay hindi kayo nakuhang sumali sa isang pagpupulong ng resolusyon, ang school district ay maaaring, sa katapuan ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, hilingin na i-dismiss ng isang hearing officer ang inyong reklamo para sa due process. Ang pagsadokumento ng nasabing mga pagsisikap ay dapat na may kasamang rekord ng mga pagsubok ng school district sa mga pinagkasunduang oras at lugar, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga nasabing tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulatan na ipinadala sa inyo at anumang mga sagot na natanggap; at
3. Ang mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa inyong tahanan ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng nasabing pagbisita na iyon.

Kung nabig ang distrito ng paaralan na magsagawa ng mga pagpupulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang tanggapin ang pabatid ng inyong reklamo para sa due process o nabigong sumali sa pagpupulong ng resolusyon, maaari ninyong hilingin sa hearing officer na simulan ang 45 araw na batay sa kalendaryo na takdang panahon para sa due process na pagdinig.

### Mga pagbabago sa 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon

Kung kayo at ang school district ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na bawiin ang pagpupulong ng resolusyon, sa gayon ang 45 na araw na base sa kalendaryo na takdang panahon para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos magsimula ang pamamagitan o ang pagpupulong ng resolusyon at bago ang katapusan ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, kung

kayo at ang school district ay nagkasundo sa kasulatan na walang kasunduan ang magaganap, sa gayon ang 45 araw na base sa kalendaryo na panahon para sa angkop na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Kung ikaw at ang school district ay sang-ayon na gamitin ang proseso ng tagapamagitan pero wala pang napagkasunduan, sa katapusan ng 30 araw na batay sa kalendaryo, ang panahon ng resolusyon ay maaaring ipagpatuloy hangga't may maabot na kasunduan kung ang parehong panig ay sumang-ayon na magpatuloy sa pamamagitan ng kasulatan. Gayunman, kung ikaw o ang school district ay umalis mula sa proseso ng tagapamagitan habang isinasagawa ito, sa gayon ang 45 araw na batay sa kalendaryo para sa due process na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

### Nakasulat na Kasunduan ng Pagkakasunduan

Kung ang resolusyon sa hindi pagkakasunduan ay naabot sa pagpupulong ng resolusyon, kayo at ang school district ay dapat na mag-anib para sa isang legal na kasunduan na:

1. Nilagdaan ito ninyong pareho kasama ang kinatawan ng school district na may awtoridad na sumang-ayon para sa school district; **at**
2. Mapapatupad sa kahit na anumang korte ng Estado ng may kakayahang hurisdiksyon (korte ng Estado na may awtoridad na marinig ang ganitong uri ng mga kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos o ng State Educational Agency, kung ang Estado ninyo ay may iba pang mga pamamaraan na pinapahintulutan ang mga panig na magkaroon ng paraang mapatupad ang mga kasunduan ayon sa resolusyon.

### Panahon ng pagrerepaso sa kasunduan

Kung kayo at ang school district ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng isang pagpupulong ng resolusyon, ang alinman sa panig (kayo o ang school district) ay maaaring magpawalang bisa sa kasunduan sa loob ng tatlong araw na may pasok sa trabaho sa panahon na parehong kayo at ang school district ay lumagda sa isang kasunduan.

# MGA PAGDINIG SA REKLAMO PARA SA DUE PROCESS

## WALANG KINIKILINGAN NA DUE PROCESS NA PAGDINIG

**34 CFR §300.511**

### Pangkalahatan

Pangkalahatan Tuwing may isinampang reklamo para sa due process, kayo o ang school district na kasali sa hindi pagkakasunduan ay dapat magkaroon ng oportunidad para sa walang kinikilingan na due process sa pagdinig, tulad nang inilarawan sa ***Reklamo para sa Due Process*** at ***Proseso ng Resolusyon*** na mga seksyon.

**TIYAK SA FLORIDA na Impormasyon para sa Due Process**

Sa Florida, ang Florida Division of Administrative Hearings (DOAH) ay may pananagutan na isaayos at tawagin ang mga due process na pagdinig.

### Walang kinikilingan na hearing officer

Ang hearing officer ay dapat na kahit man lang:

1. Hindi isang empleyado ng State Educational Agency o ng school district na kabilang sa pag-aaral o pag-aalaga sa bata. Gayunman, ang tao ay empleyado ng ahensya dahil lamang siya ay binabayaran ng ahensya para magsilbi bilangn isang opisyal sa paglilitis/pagdinig;
2. Dapat ay walang personal o professional na interes na sumasalungat sa layunin sa pagdinig ng opisyal sa paglilitis;
3. Kailangan ay may kaalaman at nauunawaan ang mga kundisyon ng IDEA , mga regulasyon ng Pederal at Estado hinggil sa IDEA at legal na interpretasyon ng IDEA ng mga korteng Pederal at Estado; **at**
4. Kailangan ay may kaalaman at kakayahan na magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na hindi nagbabago at may angkop at batayang legal na practice.

Ang bawat school district ay dapat magtabi ng isang listahan ng mga taong naglilingkod bilang hearing officer na kasama ang pahayag ng mga kuwalipikasyon ng bawat hearing officer.

### Paksang pag-uusapan sa due process na pagdinig

Ang panig (ikaw o ang school district) na humiling ng due process na pagdinig ay di maaaring magpahayag ng kanilang mga isyu sa due process na pagdinig na hindi nasagot sa reklamo para sa due process, maliban na lang kung sumang-ayon ang kabilang panig.

### Itinakdang panahon sa paghiling ng isang pagdinig

Ikaw o ang inyong school district ay kailangang humiling ng isang walang kinikilingan na pagdinig sa isang reklamo para sa due process sa loob ng dalawang taon mula ng petsa nang malaman o dapat na nalaman ninyo o ng inyong school district ang tungkol sa isyu na pinatutukoy sa reklamo.

### Mga hindi kasama sa itinakdang panahon

Ang nakasaad sa itaas na itinakdang panahon ay hindi gagamitin sa inyo kung hindi kayo makapagsampa ng isang reklamo para sa due process dahil:

1. Tiyak na nagsinungaling ang school disctrict na nalutas na nito ang problema o isyu na tinutukoy sa inyong reklamo; **o**
2. Ang school district ay hindi nagbigay ng impormasyon mula sa inyo na hiniling itong magkaloob sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

## MGA KARAPATAN SA PANDINIG

## 34 CFR §300.512

### Pangkalahatan

Ikaw ay may karapatan na kumatawan para sa inyong sarili sa isang pagdinig para sa due process. Dagdag pa dito, anumang panig sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan sa pagdidisiplina) ay may karapatan na:

1. Samahan at payuhan ng isang abogado at/o mga taong may natatanging kaalaman o pagsasanay hinggil sa mga problelma ng mga batang may kapansanan;
2. May kumatawan sa pagdinig para sa due process na isang abogado o di abogado;
3. Magpakita ng katibayan at ipagkumpara, suriin at hilingin ang attendance ng mga saksi;
4. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa pagdinig na hindi nabunyag sa nasabing panig ng kahit man lang limang araw na may pasok sa trabaho bago isagawa ang pagdinig;
5. Kumuha ng nakasulat, o, kung piliin ninyo, isang electronic na tala ng bawat salitang napag-usapan sa pagdinig; **at**
6. Kumuha ng nakasulat, o, kung piliin ninyo, mga electronic na natuklasan na katotohanan ng mga desisyon.

### Karagdagang pagbubunyag ng impormasyon

Kahit man lang limang araw bago ang pagdinig para sa due process, ikaw at ang school district ay dapat magsabi sa isa’t isa ng lahat ng iba pang mga evaluation na natapos sa

petsang iyon at ang mga rekumendasyon na batay sa mga evaluation na iyon na nilalayon ninyo o ng school district na gamitin sa pagdinig.

Maaaring hadlangan ng anumang hearing officer ang anumang panig na nabigong sumunod sa kahilingan na ito mula sa pagpapakita ng bagong nauugnay na evaluation o rekumendasyon sa pagdinig nang wala ang pahintulot ng kabilang panig.

### Mga karapatan ng magulang sa mga pagdinig

Kailangan kang bigyan ng karapatan na:

1. Ipadalo ang inyong anak sa pagdinig;
2. Gawing bukas sa publiko ang pagdinig; **at**
3. Magkaroon ng rekord ng pagdinig, ang mga natuklasan na katotohanan at mga desisyon na ipinagkaloob sa inyo ng walang dagdag na bayad.

### Pangkalahatan

Mayroon kayong karapatan na kumatawan para sa inyong sarili mismo sa isang due process na pagdinig (kasama ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan sa pagdidisiplina) o isang apela sa isang pagdinig para makatanggap ng karagdagang katibayan, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pangalawang pamagay na, ***Apela sa mga desisyon; walang kinikilingan na pagrerepaso.*** Dagdag pa dito, anumang panig sa isang pagdinig ay may karapatan na:

1. Samahan at payuhan ng isang abogado at/o mga taong may natatanging kaalaman o pagsasanay hinggil sa mga problelma ng mga batang may kapansanan;
2. Magkaroon ng kumatawan na abogado sa pagdinig;
3. Magpakita ng katibayan at ipagkumpara, suriin at hilingin ang attendance ng mga saksi;
4. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa pagdinig na hindi nabunyag sa kabilang panig ng kahit man lang limang araw na may pasok sa trabaho bago isagawa ang pagdinig;
5. Kumuha ng nakasulat, o, kung piliin ninyo, isang electronic na tala ng bawat salitang napag-usapan sa pagdinig; **at**
6. Kumuha ng nakasulat, o, kung piliin ninyo, mga electronic na natuklasan na katotohanan ng mga desisyon.

**TIYAK SA FLORIDA na Impormasyon para sa Due Process**

Sa Florida, anumang panig ay may karapatan rin na magkaroon ng kinatawan habang isinasagawa ang pagdinig para sa due process ng isang kuwalipikadong kinatawan tulad nang natiyak sa Mga Tuntunin 28-106.106 at 28 106.107 Fl rid Ad inistrativ Cod (F.A C.).

## MGA DESISYON SA PAGDINIG

### 34 CFR §300.513

**Desisyon ng hearing officer**

Ang desisyon ng hearing officer kung ang inyong anak ay nakatanggap ng FAPE ay dapat na batay sa katibayan at mga pangangatuwiran na direktang may kaugnayan sa FAPE.

Sa mga paksa na nagpaparatang sa mga paglalabag sa pamamaraan (tulad ng “isang di kumpletong IEP Team”), maaaring mapasyahan ng opisyal sa pagdinig na ang inyong anak ay hindi lang nakatanggap ng FAPE kung may mga paglalabag sa pamamaraan:

1. Nakasagabal sa karapatan ng inyong anak na magkaroon ng FAPE;
2. Lubos na nakagambala sa inyong oportunidad na lumahok sa pagdedesisyon hinggil sa pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; **o**
3. Napagkait sa inyong anak ang benepisyo ng edukasyon.

Wala sa alinman sa mga kundisyon na inilarawan sa itaas ay maaaring mapaliwanag para maiwasan ang hearing officer na mag-utos sa distrito ng paaralan na sumunod sa mga kahilingan sa mga pansanggalang sa pamamaraan na seksyon ng mga Pederal na regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 through 300.536).

**Hiwalay na kahilingan para sa due process na pagdinig**

Walang nakasulat sa seksyon ng pansanggalang sa pamamaraan ng Pederal na mga regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536) ay maaaring mapaliwanag sa paraan para mapigil kayo sa pagsasampa ng isang hiwalay na reklamo para sa due process sa isang isyu na hiwalay mula sa reklamo para sa due process na naisampa na.

**Mga natuklasan at desisyon sa advisory panel at pangkalahatang publiko**

Ang State Educational Agency o ang school district (alinman ang may pananagutan sa inyong pagdinig) , makalipas na burahin ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao, ay dapat na:

1. Ibigay ang mga natuklasan at desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig o apela sa advisory panel ng espesyal na edukasyon ng Estado; **at**
2. Gawing handang makuha o makita ang mga natuklasan at desisyon na ito sa publiko.

# MGA APELA

## KAWAKASAN NG DESISYON; APELA; WALANG KINIKILINGAN NA PAGREREPASO

### 34 CFR §300.514

**Kawakasan ng desisyon sa pagdinig**

Ang desisyon sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang paglilitis na may kaugnayan sa mga pamamaraan para sa pagdidisiplina) ay huli, maliban sa anumang panig na kablang sa paglilitis (kayo o ang distrito ng paaralan) ay maaaring mag-apela sa desisyon  sa pamamagitan ng pagdadala sa huwes o pagdemanda, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Legal na Pagkilos, Kasama na ang mga Takdang Panahon Para Maisapa ang Mga Kilos na Iyon.***

## MGA TAKDANG PANAHON AT KADALIAN NG MGA PAGDINIG AT MGA PAGREREPASO

### 34 CFR §300.515

Kailangan tiyakin ng State Educational Agency na hindi mas huhuli sa 45 araw na base sa kalendaryo makalipas ang pagpapaso ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon para sa mga pagpupulong ng resolusyon o, tulad nang inilawaran sa ilalim ng ikalawang pamagat na ***Mga Pag-aayos sa 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon***, nang hindi mas tatagal sa 45 araw na base sa kalendaryo makalipas ang pagpapaso ng takdang panahon para sa pag-aayos:

1. Magkakaroon ng huling desisyon sa pagdinig; **at**
2. Isang kopya ng desisyon ay ipapadala sa bawat isa sa mga panig.

Ang hearing officer ay maaaring magkaloob ng mga tiyak na palugit sa panahon na higit sa 45 araw na base sa kalendaryo tulad nang inilarawan sa itaas sa kahilingan ng kahit na alin sa mga panig (ikaw o ang school district).

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa isang oras at lugar na madali na maabot ninyo at ng inyong anak.

## *LEGAL NA PAGKILOS, KASAMA NA ANG MGA TAKDANG PANAHON PARA MAISAMPA ANG MGA KILOS NA IYON*

### 34 CFR §300.516

**Pangkalahatan**

Anumang panig (kayo o ang school district) na hindi sumang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan na pandisiplina) ay may karapatan na magdemanda na may kaugnayan sa paksa na tinutukoy sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang demanda ay maaaring dalhin sa korte ng Estado ng may kakayahang hurisdiksyon (korte ng Estado na may awtoridad na marinig ang ganitong uri ng mga kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos nang hindi isinasaalang-alang ang halaga na pinagtatalunan.

**Limitasyon sa panahon**

Ang panig (kayo o ang school district) na nagdemanda ay may 90 araw na base sa kalendaryo mula sa petsa nang ipalabas ang desisyon ng hearing officer para makapaghabla.

**Mga karagdagang pamamaraan**

Sa anumang demanda, ang korte ay:

1. Tumanggap ng mga rekord ng mga administratibong paglilitis;
2. Nakarinig ng mga karagdagang katibayan ayon sa inyong kahilingan o sa kahilingan ng school district; **at**
3. Batay ang mga desisyon nito sa pananaig ng katibayan at nagkakaloob ng tulong na naturing na angkop mula sa korte.

Sa ilalim ng mga naaangkop na pangyayari, maaaring kasama sa judicial relief (tulong mula sa hukom) ang pagsasauli ng naibayad ng tuition para sa pribadong paarana at mga bayad pinsala para sa mga serbisyo ng edukasyon.

**Hurisdiksyon ng mga korte ng distrito**

Ang mga korte sa distrito sa Estados Unidos ay may awtoridad na utusan ang mga kilos na buhat sa Bahagi B ng IDEA nang hindi isinasaalang-alang ang halaga na pinagtatalunan.

**Tuntunin sa Pagbubuo**

Walang anuman sa Bahagi B ng IDEA ang nagbabawal o nagbibigay limitasyon sa mga karapatan, pamamaraan, at remedyo na handang magagamit sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos, sa ilalim ng Americans with Disabilities Act of 1990, Title V of the Rehabilitation Act of 1973 (Section 504), o iba pang batas pederal na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga bata na may kapansanan, maliban sa bago magsampa ng

demanda sa ilalim ng mga batas na ito na humahangad ng tulong, ay makikita rin ito sa Bahagi B ng IDEA, ang mga angkop na proseso ng pagdinig na inilarawan sa itaas ay dapat na naubos sa parehong sukduluan na ito ay hiniling, kkung ang partido ay nagsampa ng kilos sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Ito ay nangangahulugan na may mga kalutasan na magagamit sa ilalim ng iba pang mga batas na pumapangibabaw doon sa mga magagamit sa ilalim ng IDEA , pero sa pangkalahatan, para makakuha ng tulong sa ilalim ng mga batas na iyon, kailangan muna ninyong gamitin ang mga magagamit na administratibong remediyo sa ilalim ng IDEA (hal. ang reklamo para sa due process; ang proseso ng resolusyon, kasama na ang pagpupulong sa resousyon at mga pamamaraan para sa walang kinikilingan na due process na pagdinig) bago dumiretso sa korte.

## ANG PAGKAKATAAGA SA BATA HABANG ISINASAGAWA ANG REKLAMO PARA SA DUE PROCESS AT PAGDINIG AY NAKABINBIN

### 34 CFR §300.518

Maliban kung nakasaad sa ibaba sa ilalim ng pamagat na ***MGA PAMAMARAAN KAPAG DINIDISIPLINA ANG MGA BATANG MAY KAPANSANAN***, sa sandaling ang isang reklamo para sa due process ay napadala sa iba pang partido, sa panahon ng pagpoproseso ng resolusyon, at habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang kinikilingan na pagdinig o paglilitis sa korte, maliban kung kayo at ang Estado o school district ay may ibang pinagkasunduan, ang inyong anak

Kung ang reklamo para sa due process ay kinasasangkutan ng isang application sa unang pagpasok sa isang pampublikong paaralan, ang inyong anak, kung may pahintulot ninyo, ay dapat ilagay sa regular na pampublikong programa ng paaralan hanggang matapos ang lahat ng nasabing mga paglilitis.

Kung ang reklamo para sa due process ay may kasamang application para sa unang mga serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa bata na lumilipat mula sa napaglingkuran sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA papunta sa Bahagi B ng IDEA at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Bahagi C dahil ang bata ay tatlong taong gulang na, hindi kinakailangan mula sa school district na magkaloob ng mga serbisyo sa Bahagi C na tinatanggap ng bata. Kung ang bata ay natagpuan na karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at pinayagan ninyo ang inyong anak na tumanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, sa gayon, kahit hindi pa lumalabas ang resulta ng mga paglilitis, ang school district ay dapat magkaloob noong espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo na hindi pinagtatalunan (iyong mga pinagkasunduan ninyo at ng school district).

Kung ang isang hearing officer na kasama sa due process na pagdinig na isinagawa ng State Educational Agency ay sumang-ayon sa inyo na ang pagbabago sa pagkakatalaga ay naaangkop, na kailangan pakitunguhan na may natalaga na paaralan o edukasyon ng inyong anak habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang kinikilingan na due process na pagdinig o paglilitis sa korte.

## MGA SINGIL NG ABOGADO

### 34 CFR §300.517

**Pangkalahatan**

Sa anumang habla o pagdinig na saklaw sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa ilalim ng pagpapasya nito, ay maaaring magkaloob ng makatuwirang pagbabayad sa singilin ng abogado bilang bahagi ng mga halaga na ibibigay sa inyo, kung kayo ang manalo.

Sa anumang habla o paglilitis na nasa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa desisyon nito, ay maaaring maggantimpala ng bayad sa singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos nito sa isang nananaig na State Educational Agency o school district, na babayaran ng inyong abogado, kung ang abogado ay:
(a) nagsampa ng reklamo o kaso sa korte na napagpasyahan ng korte na walang kabuluhan, walang katuwiran, o walang batayan ; **o** (b) patuloya na naghahabla makalipas na ang paglilitis ay malinaw na nawalan ng kabuluhan, nawalan ng katuwiran, o walang batayan ; **o**

Sa anumang habla o paglilitis na saklaw sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ng korte, sa pagpapasya nito, ay maaaring maggantimpala ng mga singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastusin sa isang nananaig na State Educational Agency o school district na babayaran ninyo o ng inyong abogado, kung ang inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig o sumunod na kaso sa korte ay ipinakita para sa anumang hindi wastong layunin, tulad ng panggugulo, maging sanhi ng hindi kinakailangan pagkakaantala, o hindi kinakailangang pagtaas ng mga gastusin ng demanda o paglilitis.

**Paggantimpala ng mga singilin**

Ginantimpalaan ng korte ang makatuwirang singilin ng abogado ayon sa mga sumusunod:

1. Ang mga singilin ay dapat na batay sa mga halaga na kasalukuyang ginagamit sa komunidad kung saan ang demanda o pagdinig ay nagmula para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ipinagkaloob. Walang bonus o multiplier ang maaaring gamitin sa pagkukuwenta ng binigay na singilin.
2. Ang mga kaukulang gastos para sa abogado ay hindi puwedeng ibigay at ang mga naugnay na gastusin ay hindi maaaring bayaran pabalik sa anumag habla o paglilitis sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa mga naipaglingkod na serbisyo makalipas ang nakasulat na alok sa pag-aareglo na ginawa sa inyo kung:
    a. Ang alok ay isinagawa sa loob ng panahon na itinakda ayon sa Rule 68 ng Federal Rules of Civil Procedure o, sa kaso ng isang pagdinig para sa due process o pagrerepaso sa antas ng Estado, kahit kailan na higit sa 10 araw na base sa kalendaryo bago ang pagsisimula ng paglilitis;
    b. Ang alok ay hindi tatanggapin sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo; **at**

c. Natuklasan ng korte o ng administrative hearing officer na ang tulong na sa wakas ay nakuha ninyo ay hindi kapakipakinabang sa inyo kaysa sa alok na pag-areglo.

Kahit na may mga limitasyon, isang gantimpala sa mga singilin ng abogado at mga nauugnay na gastusin ay maaaring ibigay sa inyo kung kayo ay nanais at lubos na nabigyang katuwiran sa pagtatanggi sa alok ng pakikipag-areglo.

3. Ang mga singilin ay hindi ibibigay sa may kaugnayan sa anumang pagpupulong ng IEP Team maliban kung ang pagpupulong ay isinagawa bilang resulta ng isang administratibong paglilitis o demanda sa korte.
4. Isang pagpupulong ng resolusyon, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Proseso ng Resolusyon***, ay hindi matuturing na tinawag na pagpupulong bilang resulta ng isang administritibong paglilitis o demanda sa korte, at hindi rin tinuturing na isang administratibong paglilitis o demanda para sa mga layunin ng mga kundisyong ito ng singilin ng abogado.

Binabawasan ng korte, batay sa pangangailangan, ang halaga ng mga singilin ng abogado na ibinigay sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung matuklasan ng korte na:

1. Kayo, ang inyong abogado, sa tagal ng habla o paglilitis, ay walang katuwirang nagpaantaa sa huling resolusyon ng hindi pagkakasunduan;
2. Ang halaga ng mga singilin ng abogado ay dili kaya'y awtorisado na bigyan nang walang katuwiran ay lumampas sa orasan na halaga na kasalukuyang ipinapatupad sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado ng makatuwirang may kaparehong kakayahan, reputasyon, at karanasan;
3. Ang oras na inilaan at ang mga legal na serbisyong ibinigay sa sobra sobra kung ikokonsidera ang kalikasan ng habla o paglilitis; **o**
4. Ang abogado na kumakatawan sa inyo ay hindi nagkaloob sa school district na sapat na impormasyon sa kahilingan ng angkop na proseso ng pagdinig tulad nang inilarawan sa pamagat na ***Reklamo para sa Due Process.***

Gayunman, hindi maaaring bawasan ng korte ang mga singilin kung natuklasan ngkorte na ang Estado o ang school district ay walang katuwirang ipinaantala ang huling resolusyon ng habla o paglilitis o kung may paglalabag sa ilalim ng mga kundisyon ng pansaù ng Bahagi B ng IDEA.

# MGA PAMAMARAAN KAPAG NAGDIDISIPLINA ANG MGA BATA NA MAY KAPANSANAN

## AWTORIDAD NG TAUHAN NG PAARALAN

### 34 CFR §300.530

**Pagpapasya kada kaso**

Ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring ikonsidera ang anumang bukod tanging pangyayari kada kaso, kapag pinagpapasyahan kung ang pagbabago sa pagtatalaga, na ginawa alinsunod sa mga sumusunod na kahilingan na may kaugnayan sa disiplina ay angkop sa isang bata na may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng paaraan para sa pag-uugali ng magulang.

**Pangkalahatan**

Hanggang sa saklaw na ginagawa rin nila para sa nasabing pagkilos para sa mga bata na walang mga kapansanan, ang mga tauhan ng paaralan ay maaari, ng di hihigit sa **10 araw na may pasok sa paaralan** ng sunod-sunod, na alisin ang isang bata na may kapansanan na lumalabag sa kodigo sa pag-uugali ng mag-aaral mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga papunta sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon, iba pang setting, o suspensyon. Ang mga tauhan ng paaralan ay maaari rin mag-utos ng karagdagang mga aalisin ng bata ng hindi hihigit sa **10 araw na sunod-sunod na may pasok sa paaralan** sa parehong taon ng pasukan na iyon para sa magkahiwalay na mga pangyayari ng hindi wastong pag-uugali; basta't ang mga pag-aalis na iyon ay hindi bumubuo sa pagbabago ng pagtatalaga sa paaralan (tingnan ang pamagat na **Pagbabago sa Pagtatalaga Dahil sa Pag-aalis bilang Pagdidisiplina** para sa kahulugan).

Sa sandaling ang isang batang may kapansanan ay naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga na may total na 10 araw na may pasok sa paaralan sa parehong taon ng pasukan, ang school district ay dapat, habang anumang sumunod na mga araw ng pagkakaalis sa nasabing taon ng pasukan sa paaralan, nagbigay ng mga serbisyo hanggang sa saklaw na hinihiling sa ibaba sa ilalim ng mga sub-heading na ***Mga Serbisyo.***

**Karagdagang kapangyarihan**

Kung ang pag-uugali na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral ay hindi isang pagpapatunay ng kapansanan ng bata ( basahin ang ikalawang pamagat na ***Pagpapasya ayon sa Naipakitang Kilos)*** at ang pagbabago sa pagtatalaga bilang pandisiplina ay hihigit sa 10 araw na sunod-sunod na pasok sa paaralan, ang tauhan ng paaralan ay maaaring gumami ng mga pamamaraan na pandisiplina sa nasabing mag-aaral na may kapansanan na iyon sa parehong paraan at sa parehong tagal ng panahon tulad ng sa mga bata na walang kapansanan, sa pagkakaiba na ang paaralan na iyon ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa nasabing bata tuad nang inilarawan sa

ibaba sa ilalim ng Mga Serbisyo. Ang IEP team ng bata ang magpapasya sa pansamantalang alternatibong edukasyon para sa nasabing mga serbisyo.

**Mga serbisyo**

**TIYAK SA FLORIDA na Pananalita Hinggil sa Mga Pag-aalis na may Kaugnayan sa Pandisiplina**

Hindi hinihiling mula sa school district na magbigay ng mga serbisyo sa isang bata na may kapansanan na naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga sa loob ng **10 araw na may pasok sa paaralan** o mas kaunti pa dito sa nasabing taon ng pasukan kung ang mga serbisyo ay hindi tulad na naibigay sa mga mag-aaral na

Ang batang may kapansanan na inalis mula sa kasalukuyang pagkakatalaga ng bata sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan at ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng bata (basahin ang ikalawang pamagat, ang ***Pagpapasya ayon sa Nakitang Pagkilos***) o naalis sa ilalim ng mga natatanging pangyayari (basahin ang ikalawang pamagat, ***Natatanging mga pangyayari***) ay dapat na:

1. Patuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa edukasyon (may available na FAPE), para mapahintulutan ang bata na patuloy na makasai sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang setting (na maaaring isang alternatibong setting ng pag-aaral), at para umunlad para makamit ang kanilang mga pakay na itinakda sa IEP ng mag-aaral; **at**
2. Tumanggap, kung kinakailangan, ng pagtatasa sa pag-uugali at pamamagitan sa pag-uugali at mga pagbabago na ginawa para matugunan ang paglabag sa pag-uugali para hindi ito mangyari muli.

Makalipas na ang bata na may kapansanan ay naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagtatalaga sa edukasyon ng **10 araw na may pasok** sa parehong taon ng pasukan, at **kung** ang kasalukuyang pag-aalis ay para sa **10 araw na sunod-sunod na may pasok** o mas kaunti pa **at** kung ang pag-aalis ay hindi pagbabago sa pagtataaga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), **sa gayon** ang tauhan ng paaralan, makalipas na konsultahin ang kahit man lang isa sa mga guro ng bata, ay napagpasyahan ang saklaw kung saan kailangan ang mga serbisyo para mapahintulutan ang bata na patuloy na makasali sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang lugar, at para umunlad patungo sa pagtatamo ng kanyang mga pakay na itinakda sa IEP ng bata.

Kung ang pag-aalis ay isang pagbabago sa pagtatalaga (tingnan ang pamagat sa ibaba, **Pagbabago sa Pagkakatalaga dahil sa Pag-aalis na May Kaugnayan sa Pandisiplina**), ang pangkat ng IEP ng mag-aaral ay magpapasya sa mga angkop na serbisyo para mapahintulutan ang bata na patuloy na makasali sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang setting (na maaaring isang alternatibong setting sa pag-aaral), at umunlad patungo sa pagtatamo ng kaniyang mga pakay na itinakda sa IEP ng bata.

**Pagpapasya sa Nakitang Pagkilos**

Sa loob ng **10 araw na may pasok** ng anumang desisyon na baguhin ang pagkakatalaga sa bata na may kapansanan sanhi ng paglalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral (maliban sa pag-aalis na para sa **10 araw na sunod-sunod na**

**may pasok sa paaralan** o mas kaunti pa at hindi pagbabago sa isang pagtatalaga), ang school district, ikaw at ang iba pang mga nauugnay na miyembro ng team ng IEP (tulad nang napagpasyahan ninyo at distrito ng paaralan) ay dapat repasuhin ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon sa file ng bata, kasama na ang IEP ng mag-aaral, anumang mga obserbasyon ng guro, at anumang iba pang nauugnay na impormasyong ipinagkaloob sa inyo para mapagpasyahan:

1. Kung ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng, o may direkta at mahalagang ugnayan sa, kapansanan ng bata; **o**
2. Kung ag pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng kabiguan ng school district na ipatupad ang IEP ng bata.

Kung ang distrito ng paaralan, kayo, at iba pang mga nauugnay na miyembro ng IEP Team ng bata ay nagpasya na alinman sa mga kundisyong ito ay natugunan, ang pag-uugali ay dapat mapasyahan na isang pagpapakita ng kapansanan ng bata.

Kung ang school district, kayo, at mga nauugnay na miyembro ng IEP Team ng bata ay napagpasyahan na ang pag-uugali na pinag-uusapan ay isang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaraan na ipatupad ang IEP, ang school district ay dapat kumilos agad para lutasin ang mga pagkukulang na iyon.

### Pagpapasya na ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng bata

Kung ang school district, kayo, at ang iba pang mga nauugnay na miyembro ng IEP Team ay nagpasya na ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng bata, ang IEP Team ay dapat na:

1. Magsagawa ng pagtatasa sa pag-uugali, maliban na lamang kung ang school district ay nagsagawa ng isang pagtatasa sa pag-uugali bago ang pagpapakita ng pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng pagtatalaga, at ang pagpapatupad sa plano ng pamamagitan sa pag-uugali para sa bata; **o**
2. Kung ang plano ng pamamagitan sa pag-uugali ay nagawa na, balik aralan ang plano ng pamamagitan sa pag-uugali at baguhin ito, kung kinakailangan, para matugunan ang pag-uugali.

Maliban kung inilarawan sa ibaba sa ilalim ng ikalawang pamagat na ***Mga Natatanging Pangyayari***, ang distrito ng paaralan ay dapat isauli sa inyong anak kung saan ito orihinal na natalaga kung saan inalis ang bata, maliban kung kayo at ang distrito ay nagkasundo na baguhin ang pagkakatalaga bilang bahagi ng pagbabago sa plano ng pamamagitan sa pag-uugali.

### Mga Natatanging Pangyayari

Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita man o hindi sa kapansanan ng inyong anak, ang tauhan ng paaralan ay maaaring mag-alis sa isang mag-aaral at ilagay sa isang pansamantalang alternatibong lugar na pag-aaralan (pagpapasyahan ng IEP Team ng bata) na hanggang 45 araw ng pasok sa paaralan, kung ang inyong anak ay:

1. May dalang armas (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba) sa paaralan, o may armas sa paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa kaganapan ng paaraan sa ilalim ng hurisdiksyon ng State Educationa Agency o school district;
2. Alam na mayroon o gumagamit ng bawal na gamot (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba), o nagbebenta o nagpipilit na magbenta ng kontroladong gamot (tingnan ang paliwanag sa ibaba), habang nasa paaraan, o sa mga ari-arian ng paaralan, o sa isang kaganapan sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng State Educational Agency o school district; **o**
3. Nakapagdulot ng pisikal na pinsala sa iba (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba) habang nasa paaralan, o may armas sa paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa kaganapan ng paaraan sa ilalim ng hurisdiksyon ng State Educational Agency o school district;

**Mga Kahulugan**

Ang *Kontroladong gamot* ay nangangahulugang gamot o iba pang substane na kinalala sa ilalim ng mga schedule na  I, II, III, IV, or V in section 202(c) ng Controlled Substances Act (21 U.S.C. 812(c)).

Ang bawal na gamot ay nangangahulugang isang kontroladong gamot pero hindi kasama ang substance na legal na dala o gamit sa ilalim ng superbisyon ng isang may lisensyang professional sa pangangalaga ng kalusugan o dala sa ligal na paraan o gamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad sa ilalim ng nasabing Batas (Act) o sa ilalim ng anumang kondisyon sa Pederal na batas.

Ang malubhang pinsala sa katawan ay nangangahulugan na “isang matinding pagkakapinsala sa katawan” ayon sa ilalim ng paragraph (3) ng subsection (h) ng seksyon 1365 ng title 18, United States Code.

Ang *armas* ay nangangahulugan na “mapanganib na armas” sa ilalimng paragraph (2) sa unang subsection (g) ng 930 ng title 18, United States Code.

**TIYAK SA FLORIDA na Pagkakahulugan**

Ang pansamantalang alternatibong setting sa pag-aaral ay nangangahulugang isang ibang lokasyon kung saan ang mga serbisyo ng edukasyon ay binibigay sa isang tiyak na takdang panahon sanhi ng pandisiplinang dahilan na nakakatugon sa mga kahilinga ng Rule 6A-6.03312  F.A.C.

**Abiso**

Sa petsa na kung saan nagdesisyon na isakatuparan ang pag-aalis na isang pagbabago sa pagkakatalaga ng inyong anak dahil sa paglalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, dapat kayong abisuhan ng school district sa nasabing desisyon at bigyan kayo ng isang abiso sa pansanggalang sa mga pamamaraan.

## PAGBABAGO SA PAGKAKATALAGA DAHIL SA PAG-AALIS BILANG PAGDIDISIPLINA

### 34 CFR §300.536

Ang pag-aalis s ainyong anak na may kapansanan mula sa kasalukuyang naitalagang paaralan ng inyong anak sa isang **pagbabago sa pagkakatalaga** kung:

1. Ang pag-aalis ay higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan ng sunod-suno; **o**
2. Ang inyong anak ay sumasailalim sa isang serye ng mga pag-aalis na bumubuo sa isang pattern dahil:
    a. Ang serye ng mga pagkakaalis ay may total na higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan sa taon ng pasukan;
    b. Ang pag-uugali ng inyong anak ay malaking ang pagkakatulad sa pag-uugali ng bata sa nakaraang mga pangyayari na nagresulta sa isang serye ng mga pag-aalis; at
    c. Sa nasabing mga karagdagang factor tulad ng tagal ng pagkakaalis ang total na bilang ng panahon na naalis ang inyong anak, ang pagkakalapit-lapit ng mga pagkakaalis sa isa't isa.

Kung ang pattern sa pagkakaalis ay bumubuo sa pagbabago sa pagkakatalaga ay napagpapasyahan sa bawat indibiduwal na kaso ng school district, kung hinamon, ay sumasailalim sa pagrerepaso sa pamamagitan ng due process at judicial na paglilitis.

## PAGPAPASYA SA SETTING

### 34 CFR § 300.531

Pinagpapasyahan ng IEP Team ang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon para sa mga pag-aalis na **nagbabago sa pagkakatalaga**, at pag-aalis sa ilalim ng pangalawang pamagat ***Karagdagang awtoridad*** at ***Natatanging Mga Pangyayari.***

## APELA

### 34 CFR § 300.532

#### Pangkalahatan

Maaari kayong magsampa ng reklamo para sa due process (basahin ang pamagat na **Mga Pamamaraan sa Reklamo para sa Due Process**) para humiling ng due process na pagdinig kung kayo ay di sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon hinggil sa pagtatalaga na ginawa sa ilalim ng mga kundisyon na pandisiplina na ito; **o**
2. Ang pagpapasya sa ipinapakitang pagkilos na inilarawan sa itaas.

Ang school district ay maaaring magsampa ng reklamo para sa due process (basahin sa itaas) para humiling ng due process na pagdinig kung naniniwala ito na ang pananatili ng kasalukuyang pagtatalaga sa inyong anak ay marahil na magreresulta sa pinsala sa inyong anak o sa iba.

**Awtoridad ng hearing officer**

Ang hearing officer na nakakatugon sa mga kahilingan na inilarawan sa ilalim ng pangalawang pamagat ng ***Walang kinikilingan na hearing officer*** ay dapat magsagawa ng due process na pagdinig at magdesisyon. Ang hearing officer ay maaaring:

1. Ibalik ang inyong anak na may kapansanan sa pagkakatalaga kung saan ito inalis kung napagpasyahan ng hearing officer na ang pag-aalis ay isang paglalabag sa mga kahilingan na inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan***, o ang pag-uugali ng inyong anak ay isang pagpapakita ng kapansanan ng inyong anak; **o**
2. Mag-utos ng isang pagtatalaga sa inyong anak na may kapansanan sa isang angkop na interim alternative educational setting nang hindi hihigit sa 45 araw ng pasok sa paaralan kung napagpasyahan ng hearing officer na ang pananatili sa kasalukuyang pagkakatalaga ng inyong anak ay marahil na magresulta sa pinsala sa inyong anak o sa iba.

Ang mga pamamaraan sa pagdinig ay maaaring ulitin, kung naniniwala ang school district na ang pagbabalik sa inyong anak sa orihinal na pagkakatalaga ay marahil na magreresulta sa pinsaa sa inyong anak o sa iba.

Kapag kayo o ang school district ay nagsampa ng reklamo para sa due process para hilingin ang nasabing pagdinig, kailangang maganap ang isang pagdinig na nakakatugon sa mga kahilingan na inilarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Mga Pamamaraan sa Reklamo para sa Due Process, Mga Pagdinig sa Mga Reklamo para sa Due Process**, maliban na lamang kung:

1. Ang State Educational Agency o school district ay dapat na isaayos ang isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig, na dapat maganap sa loob ng **20** araw ng pasok sa paaralan simula nang petsa ng pagdinig ay hiniling at dapat magresulta sa isang pagpapasya sa loob ng **10** araw ng pasok makalipas ang pagdinig.
2. Maliban kung kayo at ang school district ay sumang-ayon sa isang kasulatan na bawiin ang pagpupulong, o sumang-ayon na gumamit ng pamamagitan, isang pagpupulong ng resolusyon ay dapat maganap sa loob ng **pitong** araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang pabatid para sa rekamo sa due process. Ang pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban na lamang kung ang paksa ay nalutas sa kasiyahan ng parehong panig sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo para sa due process.
3. Maaaring itatag ng Estado ang ibang mga tuntunin sa pamamaral para sa pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig na itinakda nito para sa ibang angkop na pagdinig, pero, maliban sa mga takdang panahon, ang mga tuntunin

na iyon ay dapat na katulad sa mga tuntunin sa dokumentong ito hinggil sa mga proseso ng pagdinig.

Ikaw o ang school district ay maaaring mag-apela sa desisyon sa isang pinablis na pagdinig sa due process sa parehong paraan ng mga desisyon sa iba pang mga due process na pagdinig (basahin ang pamagat na ***Apela)***.

## PAGTATALAGA HABANG MAY MGA APELA

### 34 CFR §300.533

Kapag, tulad nang inilarawan sa itaas, kayo o ang school district ay nagsampa ng isang reklamo para sa due process na may kaugnayan sa disiplina, ang inyong anak ay dapat (maliban lamang kung kayo at ang State Educational Agency or school district ay may ibang pinagkasunduan) manatili sa pansamantalang alternatibong setting sa pag-aaral habang nakabinbin ang desisyon ng hearing officer o hanggang magpaso ang takdang panahon sa pag-aalis tulad nang nasa kundisyon at inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan**, kung alinman ang mauna.

## MGA PROTEKSYON PARA SA MGA BATA NA HINDI PA KARAPAT-DAPAT PARA SA NATATANGING EDUKASYON AT MGA NAUUGNAY NA SERBISYO

### 34 CFR §300.534

**Pangkalahatan**

Kung ang inyong anak ay hindi napasyahan na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo at lumalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, pero ang school district ay alam ito (tulad nang inilarawan sa ibaba) bago ang pag-uugali na iyon ay naging sanhi ng kilos na pandisiplina, na ang inyong anak ay mayroong kapansanan, sa gayon ang inyong anak ay maaaring hangarin ang alinman sa mga proteksyon na inilarawan sa pabatid na ito.

**Batayan ng kaalaman para sa mga paksang pandisiplina**

Dapat ay may kaalaman ang school district na ang inyong anak ay isang batang may kapansanan kung, bago ang pag-uugali ay naging sanhi ng pandisiplinang kilos na naganap:

1. Nagpahiwatig kayo ng pagkakabahala sa pamamagitan ng kasulatan sa isang supervisory o administrative personnel ng naaangkop na ahensya ng edukasyon, o sa guro ng inyong anak na ang inyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo;

2. Ikaw ay humiling ng isang evaluation na may kaugnayan sa pagiging karapat-dapat sa espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **o**
3. Ang guro ng inyong anak o iba pang tauhan ng school district ay nagpahayag ng mga tiyak na ikinababahala tungkol sa huwarang pag-uugali na ipinakita ng inyong anak na direkta sa direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaraan o sa iba pang supervisor na tauhan ng school district.

**Hindi Kasama**

Ang school district ay walang paniniwala na may kaalaman kung:

1. Hindi ninyo pinahintulutan ang isang evaluation para sa inyong anak o tumanggi sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; **o**
2. Ang inyong anak ay natasa at napagpasyahan na hindi isang batang may kapansanan sa ilalim ng Part B ng IDEA.

**Ang mga kondisyon na gagamitin kung walang batayan sa kaalaman**

Kung, bago agsagawa ng mga pandisiplinang kilos laban sa inyong anak, walang kaalaman ang distrito ng paaralan na ang inyong anak ay may may kapansanan, tulad nang inilarawan sa itaas ng ilalim ng ikalawang pamagat ***Batayan ng kaalaman para sa mga paksang pandisiplina*** at Mga Hindi Kasama, ang mag-aaral ay maaaring sumailalim sa mga pandisiplinang hakbang na ginagamit sa mga mag-aaral na walang kapansanan na nakasangkot sa mga katulad na pag-uugali.

Gayunman, kung ang kahilingan ay ginawa sa isang pagtatasa sa inyong anak habang panahon na kung saan ang inyong anak ay sumasailalim sa mga pandisiplinang pagkilos, ang pagtatasa ay dapat isagawa sa isang pinabilis na paraan.

Hangga't natapos ang pagtatasa, ang inyong anak ay mananatiling may itinalagang lugar ng pag-aaral o edukasyon na napagpasyahan ng mga awtoridad ng paaralan, na kasama ang suspensyon o pagtatatanggal nang walang serbisyong pang-edukasyon.

Kung ang inyong anak ay napagpasyahan bilang isang bata na may kapansanan, na isinasaalang-alang ang impormasyon mula sa pagtatasa na isinagawa ng school district, at impormasyon na ipinagkaloob ninyo, ang school district ay dapat magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo na alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kasama na ang mga kahilingan sa pagdidisiplina na inilarawan sa itaas.

## REKUMENDASYON AT KILOS NG ALAGAD NG BATAS AT MGA AWTORIDAD NG HUKUMAN

### 34 CFR §300.535

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi:

1. Nagbabawal sa isang ahensya na mag-ulat ng nagawang krimen ng isang bata na may kapansanan sa mga naaangkop na awtoridad; **o**

2. Pagbawalan ng alagad ng batas at ng mga awtoridad ng hukuman para sa paggagawa ng kanilang mga responsibilidad hinggil sa paggamit ng batas ng Pederal at Estado sa mga krimen na nagawa ng isang bata na may kapansanan.

**Paghahatid ng mga rekord**

Kung nag-ula ang school district ng krimen na ginawa ng isang bata na may kapansanan, ang school district ay:

1. Kailangang tiyakin na ang mga kopya ng espesyal na edukasyon ng bata at ang mga rekord sa disiplina ay inihatid para makonsidera ng mga awtoridad kung saan inulat ng ahensya ang krimen; **at**
2. Maaaring magpadala ng mga kopya ng espesyal na edukasyon ng bata at ang mga rekord sa disiplina sa saklaw lamang na pinahihintulutan ng FERPA.

# MGA KAHILINGAN PARA SA UNILATERAL PLACEMENT NG MGA MAGULANG NG MGA BATA SA MGA PRIBADONG PAARALAN NA GAGASTUSAN NG PUBLIKO

## PANGKALAHATAN

### 34 CFR §300.148

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi hinihiling mula sa school district na bayaran ang gastos sa pag-aaral, kasama na ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyio, ng inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ang school district ay ginagawang handang magamit ang FAPE sa inyong anak at pinili ninyong ilagay ang bata sa isang pribadong paaralan o pasilidad. Gayunman, ang school district kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ay dapat na isama ang inyong anak sa populasyon na ang mga pangangailangan ay natutugunan sa ilalim ng mga kondisyon ng Bahagi B hinggil sa mga batang natalaga ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan sa ilalim ng 34 CFR §§300.131 hanggang 300.144.

**Pagsasauli ng bayad sa pagkakatalaga sa pribadong paaralan**

Kung ang inyong anak ay dati nang nakatanggap ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng school district, at pinili ninyong i-enroll ang inyong anak sa isang pribadong preschool, elementary school, o secondary school, nang walang pahintulot o rekumendasyon ng school district, ang korte o ang hearing officer ay maaaring hilingin sa ahensya na isauli ang bayadninyo para sa gastusin sa pagpapa-enroll na iyon kung natagpuan ng korte o ng hearing officer na ang ahensya ay hindi ginawang handang magamit ninyo ang hearing officer para sa inyong anak sa nasa oras na paraan bago magpa-enroll at ang pribadong pagtatalaga ay angkop. Ang hearing officer o korte ay maaaring maturing na angkop ang pagkakatalaga sa inyo, kahit na ang pagkakatalaga ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado na gagamitin sa edukasyon na ipinagkaloob ng State Educational Agency at ng mga school district.

**Limitasyon sa pagsasauli ng bayad**

Ang halaga ng pagsasauli ng bayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaaring bawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) ag pinakahuling pagpupulong sa IEP na dinaluhan ninyo bago ninyo alisin ang inyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi ninyo sinabi sa IEP Team na tinatanggihan ninyo ang pagtatalaga na namungkahi ng school district na magkaloob ng FAPE sa inyong anak, kasama ang pagsasaad ng inyong mga ikinababahala at inyong layunin na i-enroll ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na gastusin ng publiko; o (b) Kahit man lang 10 araw ng trabaho (kasama ang mga piyesta opisyal na nagaganap sa araw na may pasok sa trabaho) bago ang pagtanggal ninyo sa inyong anak sa pampublikong paaralan,

hindi kayo nagbigay ng nakasula na pabatid sa school district ukol sa impormasyon na iyon;

2. Kung, bago ninyo alisin ang inyong anak mula sa pampublikong paaralan, ang distrito ng paaralan ay nagkaloob ng paunang nakasulat na pabatid sa inyo tungkol sa layunin nito na tasahin ang inyong anak (kasama ang pahayag ng layunin ng pagtatasa na ito ay angkop at makatuwiran), pero hindi ninyo pinahintulutan na kuhanin ng inyong anak ang pagtatasa; **o**
3. Sa pagkakatuklas ng korte na ang inyong mga kilos ay hindi makatuwiran.

Gayunman, ang halaga ng isasauling bayad:

1. Hindi dapat na bawasan o tanggihan sanhi ng kabiguan na magbigay ng pabatid kung: (a) pinigilan kayo ng paaralan na magbigay ng pabatid; (b) hindi ninyo natanggap ang pabatid na inilarawan sa itaas; o (c) pagsunod sa mga kahilingan sa itaas ay maaaring magresulta sa pisikal na pinsala sa inyong anak; **at**
2. Maaaring, sa pasya ng korte o ng hearing officer, hindi bawasan o tanggihan ang kabiguan ninyong magbigay ng hinihiling na pabatid kung: (a) kayo ay hindi marunong magbasa o magsulat sa Ingles; o (b) Ang pagsunod sa kahilingan sa itaas ay marahil na magresulta sa matinding pinsalang emosyonal sa bata.